# Pamamaraan ng Pagtuturo Sa Bagong Muslim sa mga Alintunin ng Islam

منهج تعليم المهتدين الجدد مبادئ الإسلام باللغة الفلبينية


**Nag-akda**

**Doktor Ahmad bin Muhammad Al-Abid**

**Eng. Sulaiman bin Ahmad Al-Yahya**



Bago ng Bersyon

Dhul-Hijjah 1443 AH / Hulyo 2022 AD


بسم الله الرحمن الرحيم

## *Pribadong Pakikipag-usap sa Guro at Tagapangasiwa*

Nagpapasalamat kami sa inyo, Oh mga guro at tagapangasiwa, sa pagtupad sa dakilang gawaing ito, at hinihiling namin sa Allah para sa amin at sa inyo na maging tapat sa Kanyang salita at gawain, at ipinaaalala namin sa iyo ang ilang mga bagay, kabilang ang:

1 Kailangan mong purihin ang Allah at pasalamatan Siya dahil tinangi ka rito at pinaboran sa pagsasakatuparan ng trabaho ng mga Mensahero, na turuan ang mga tao at ipaliwanag sa kanila hinggil sa mga bagay ng kanilang relihiyon bilang habag sa kanila; Sinabi ng Propeta (s.a.w): "Katotohanan ang mga Maaalam ay mga tagapagmana ng mga Propeta."

2 Dapat ang iyong pakiramdam ay pagkatakot sa Allah ang Maluwalhati at Kataas-taasan, at maging isang mabuting halimbawa, lalo na sa:

Masayahin at may mabuting asal,at mabait sa estudyante, at tapat, at may magandang panlabas, at may pagtitiis at hindi mahirap sa pagtanggap ng ilang mga mag-aaral, at maging huwaran sa pagsamba lalo sa Pagwuwudu at pagdarasal na sumusunod sa Sunnah, at ayusin ang paghuhugas, at laging maaga sa pagdarasal, dahil ikaw ay sinusubaybayan ng mga mag-aaral sa iyong pag-uugali at sinusunod ang iyong halimbawa.

3 Sumagot ng (hindi ko alam) kung hindi ka sigurado sa tamang sagot, lalo na sa ilang magkakasing-tulad.

4 Dapat maeron kang talaan na nakalaan upang itala ang mga tanong ng mga bagong Muslim, para makinabang sila pagkatapos ng iyong pagsusuri at pagtatanong tungkol sa hindi mo pa alam.

5 Pangangalaga sa mga bihirang estudyante at pagtatala ng kanilang mga pangalan at tirahan; Upang mag-udyok sa kanila na ipagpatuloy

ang pag-aaral kung magkakaroon ng mga kursong pang-agham.

6 Isa sa mga tumutulong sa bagong Muslim ay ang pagsaulo ng mga Dhikir pagkatapos ng mga Salah at ang mga Dhikir sa umaga at gabi: uulitin ang pagbigkas ng mga ito sa lahat sa oras ng pag-aaral, at ang mga mag-aaral ay isasagawa ito nang paisa-isa. (Sama-samang pagbigkas para sa edukasyon lamang, at hindi pinahihintulutan para sa grupo na binibigkas pagkatapos ng mga Salah. Dahil binabasa lamang ang mga Dhikir pagkatapos ng mga Salah sa Umaga at Gabi na mag-iisa.

7 Ang mga Haligi ng Islam at mga haligi ng pananampalataya ay mas mainam isaulo ng mga mag-aaral sa wikang Arabo at unawain ang mga ito sa kanyang sariling wika. Ito ay dahil maramdaman ng bagong Muslim ang bunga nito pagkatapos ng kurso, dahil pinapalakas nito ang kanyang tiwala sa kanyang pagbabalik-loob sa Islam, at paglago niya rito, at sa kanyang pakikipag-usap sa mga tao.

8 Dapat ang iyong mga gawain ay nakaayon sa pagmamahal at awa para sa bawat mag-aaral, at pagmamadali para sa bawat mabuting gawa, kaya maging masigasig sa pag-anyaya sa mga tao sa Islam, at maging maaga sa bawat kabutihan at mabuting gawa.

**Pansinin:**

Ang sinumang bagong Muslim ay titindig ayon sa kanyang kakayahan mula sa aralin ng Taharah, nagdasal ng Salah ayon sa mga haligi nito, at uulitin ang bawat haligi sa sinasabi sa Salah (Subhanallah) hanggang sa matutunan niya ang mga Dhikir ng mga haligi ng Salah, at ang mga detalye ng mga ito ay darating sa ikatlong bahagi, at ikaapat na aralin.

Hinihiling namin sa Allah, sa Kanyang kagandahang-loob, na bigyan kayo ng pagsang-ayon, itama kayo, at bibiyayaan ng lahat ng katapatan sa salita at gawa.

Ang Pamamaraan na ito ay sinasakop ang mga kinakailangan sa mga totoong prinsipyo ng relihiyong Islam.

Ang kurikulum na ito ay nahahati sa dalawampung aralin, nilalaman ito ng pagtuturo sa Suratul-Fatihah at ilang maiikling mga Surah kasama ang maikling pangangahulugan ng Banal na Qur'an, at mga mahahalagang bagay ng pananampalataya, hadith at ilang mga Dhikir, at isang buod ng pagsasabatas sa mga pagsamba, at pahayag ng pagiging ganap ng Islam sa mensahe nito, at ang pagiging perpekto at pagpaparaya ng relihiyong Islam at pagbibigay sa kababaihan ng kanilang mga karapatan.

At maikling paglalarawan ng Propeta Muhammad (s.a.w), pagpalain nawa siya ng Allah at bigyan ng kapayapaan.

**At tandaan namin**

**Walang pagtutol sa mga nagnanais na isalin, ilimbag at ilathala ito. Humihiling tayo sa Allah na paramihin ang gantimpala para sa lahat.**

**At pagpalain ng Allah ang ating Propeta Muhammad at kanyang pamilya at mga kasamahan at bigyan nawa siya ng kapayapaan.**

## *Programa sa Unang Araw*

**10 minutong**

**pagsisimula**

**Paghiwalayin ang mga babae sa mga lalaki at ip-aalam sa mga bagong Muslim ang oras ng Pag-aaral, at panahon, at bilang ng mga araw.**



**25 minuto** — Pagbati sa mga Bagong Muslim

**30 minuto** — Aqedah

**25 minuto** — Maiksing Pagpapakilala sa Propeta ng Islam

**Paalaala**



**Kailangang ulitin ang pag-aaral sa araw sa tatlong mag-kakahiwalay na mga panahon, na isinasaalang-alang ang mga oras ng lahat ng mga bagong Muslim, dahil ang ilan sa kanila ay angkop sa umaga, ang ilan sa hapon, at ang ilan sa gabi, at upang makayanan ng sinumang may gustong umulit na dumalo para mas maintindihan lalo.**

## Unang Araw

## (Pagbabati para sa Bagong Muslim)

**Aking Kamahal-mahal na Kapatid na Muslim, Oh ang pinaralangan ng Allah na ginabayan sa relihiyong Islam.**

**Binabati ka namin sa patnubay ng Allah sa iyo, at saka sa Kanya ang lahat ng pabor at papuri. At karapat-dapat sa iyo na magsaya, na parang ipinanganak kang muli nang pumasok ka sa Islam. Kaya ang pagpasok sa Islam ay nagbubura sa mga nauna, at nag-aalis ng bawat kasalanan na nangyari sa iyo bago ka pumasok sa Islam, kaya lahat ng iyong masasamang gawa ay mabubura.**

**At kung ikaw ay kabilang sa mga Angkan ng Kasulatan, ikaw ay gagantimpalaan ng dalawang beses, tulad sa napatotohanan ng ating Propeta Muhammad (s.a.w).**

### Inirerekomenda namin sa iyo ang mahahalagang bagay:

1. Ang pagtitiis sa anumang iyong kinakaharap mula sa mga suliraning pangpamilya, o pang-ekonomiya o iba pa. At kung nangyari iyon, kung gayon ito ay natural na bagay, dahil lahat pumapasok sa Islam ay maaaring makaharap ng mga iyon maliban sa iilan, kaya ang iyong kalagayan ay katulad sa mga Kasamahan ng Mensahero ng Allah,(Kalugdan nawa sila ng Allah). Talagang humarap ang karamihan sa kanila ng pinakamatinding kalamidad at pagpapahirap, at sila ay nagtiis doon, at ang magandang kinalabasan ay para sa kanila sa mundong ito at sa kabilang buhay.

2 Kailangan mong pasalamatan ang Allah para sa biyaya ng patnubay ng Islam, at sinumang nagpasalamat sa Allah ay gagawin ang Kanyang mga inuutos at umiiwas sa lahat ng Kanyang ipinagbawal, at ang pinakamahalaga diyan ay panatilihin ang mga Salah, lalo na sa kongregasyon kung maaari, kung saan mayroon kang tulong at katatagan. Sinabi ng Allah: {Humingi kayo ng tulong gamit ang Pagtitiis at Salah.} [2:45]. Kaya ang panalangin ay may malaking katayuan sa Islam, at ito ang pinakadakilang gawain na haligi ng Islam.

3 Sikaping maghanap ng kaalaman upang sambahin ang Allah nang maliwanag at malinaw. At ang Islam ay humihimok sa pag-aaral. Ang Allah ay nagsabi: {Sabihin mo: "Magkakapantay ba ang mga yaong nakakaalam at ang mga yaong hindi nakakaalam?} [Surah Al-Zumar: 9]. Ayon sa Propeta Muhammad (s.a.w): "Ang sinumang tumahak ng landas upang maghahanap roon ng kaalaman, padadaliin ng Allah sa kanya ang rito ang landas patungo sa Paraiso.

4 Kailangan mong lumayo sa lahat ng ipinagbawal ng Islam at maging matiisin diyan, upang mabilis mong maakay ang iyong sarili at masasanay ka dito at hindi makaramdam ng anumang hirap, at lalakas ang iyong pananampalataya at katatagan.

5 Isa sa pagpapasalamat sa Allah dahil nasa patnubay ka ng Islam ay ang paglagay sa iyong puso ng habag at awa lalo na sa iyong pamilya at sa iba pang mga tao, sa pamamagitan ng pagpapaabot sa kanila ng relihiyong Islam, marahil ay isusulat ng Allah para sa iyo ang gantimpala dahil napatnubayan sila.

Dapat mong malaman: Na ang iyong Panginoon ay iisa, Siya si Allah, at ang iyong relihiyon ay ang Islam, at ang Propeta mo ay si Muhammad (s.a.w).

Kung may nagsabi sa iyo, Sino ang iyong Panginoon?

Kaya't sabihin mo: "Ang aking Panginoon ay si Allah ang yaong nag-aruga sa akin gamit ang Kanyang biyaya, at lumikha sa akin mula sa kawalan tungo sa pagkakaroon.

At kung may nagsabi sa iyo: "Sa anumang bagay nakilala mo ang iyong Panginoon?"

Kaya sabihin mo: Nakilala ko Siya dahil sa Kanyang mga tanda at sa Kanyang mga nilikha.

At kung may nagsabi sa iyo: "Sa anumang bagay nilikha ka ni Allah?"

Kaya't sabihin mo: Nilikha Niya ako upang sambahin Siya, at sundin Siya, at sumunod sa Kanyang mga utos, at iwasan ang Kanyang mga ipinagbabawal. Sabi ng Allah: {At hindi Ko nilikha ang mga engkanto at mga tao maliban na upang Ako'y kanilang sasambahin. Hindi Ko hinahangad mula sa kanila ang anumang biyaya, at hindi Ko hinahangad na papakainin nila Ako. Katotohanan, si Allah ang Tagapagtustos, ang May-ari ng lakas na matatag.} [51:56-58]

At kung may nagsabi sa iyo: "Ano ang iyong relihiyon?"

Kaya't sabihin mo: Ang aking relihiyon ay Islam, at ito ay pagpapasakop sa Allah sa pamamagitan ng kaisahan sa pagsamba at pagpasakop sa Kanya sa pagsunod at pagtanggi sa pagtatambal at mga tagasunod nito. At ito ay ang relihiyon ng Allah kung saan Siya mismo nagpadala ng mga Mensahero sa kanilang mga bayan. Ang Allah ay nagsabi: {Katotohanan, ang relihiyon na para kay Allah ay ang Islam.} [Surat Al-Im-

ran: 19], {At sinumang nagnanais bukod sa Islam bilang relihiyon, kung gayon ay hindi Niya ito tatanggapin mula sa kanya kailanman. At siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga talunan.}[3:85]

At kung may nagsabi sa iyo: "Sino ang iyong Propeta?"

Kaya't sabihin mo: Si Muhammad bin Abdullah bin Abdul Muttalib bin Hashim, at si Hashim ay mula sa Quraysh, at ang Quraysh ay mula sa Kinana, at ang Kinana ay mula sa mga Arabo, at ang mga Arabo ay mula sa mga salinlahi ni Ismail bin Ibrahim, at si Ibrahim ay mula kay Noah, at si Noah ay mula kay Adam, at Si Adam ay mula sa alabok, at ang katibayan ay sa sinabi ng Allah: {Katotohanan, ang katulad ni Eisa para kay Allah ay katulad ni Adam, nilikha siya mula sa lupa at pagkatapos Kanyang sinabi: "Magkaroon, at saka magkakaroon nga.} [Al-Imran : 59].

Maikling Paglalarawan sa ating Propeta Muhammad (s.a.w)

Tanong: Sino ang Mensahero ng Allah (s.a.w), na yaong ipinadala ng Allah na may mensahe ng Islam?

Sagot: Siya si Muhammad bin Abdullah bin Abdul Muttalib Al-Hashemi Al-Qurashi, ang pinakamahusay sa mga Propeta at Mensahero, at kanilang selyo at imam, sumakanya ang pagpapala ng Allah at ang kapayapaan. Ipinanganak sa Makkah noong taon ng Elepante katumbas ng 571 AD. Namatay ang kanyang ina, si Aminah Bintu Wahab, habang siya ay nasa anim na taong gulang. Ang kanyang lolo na si Abdul Muttalib ang nag-aruga sa kanya, pagkatapos ay binawian ng buhay si Abdul Muttalib habang ang edad ng Propeta ay nasa walang taon. At inalagaan siya ng kanyang tiyuhin na si Abu Talib. Nang siya ay dalawampu't limang taong gulang, pinakasalan niya si Khadijah bintu Khuwaylid (r.a), at siya ang unang babaeng pinakasalan niya at lahat ng kanyang mga anak mula sa kanya maliban kay Ibrahim.

Ipinadala siya ng Allah upang ihatid ang mensahe ng Islam at ang kanyang edad ay apatnapung taong gulang, at siya ay nanatili sa Mak-

kah sa loob ng labintatlong taon para mag-anyaya sa kaisahan ng Allah at kaisahan sa pagsamba at pagtanggi sa pagtatambal. At pagkatapos ay lumikas ang Mensahero ng Allah (s.a.w) sa Madinah at lumikas rin ang kanyang mga kasamahan. Kaya ang mga Muhajirun at mga Ansar ay ang pinakadakilang pamayanan na nakilala ng sangkatauhan sa Madinah, at siya ay nanatili sa Madinah sa loob ng sampung taon, na naghahatid ng mensahe ng kanyang Panginoon. Bumababa sa kanya ang mga kapahayagan at tinuturuan niya ang mga tao ng mga batas ng Islam, at siya ay masigasig sa paggabay ng mga tao at pagligtas sa kanila mula sa pagtatakwil tungo sa pagsamba sa kanilang Panginoon. At siya ay nahihirapan sa kanilang pag-iwas sa relihiyon ng Allah ang Makapangyarihan.

Namatay siya sa edad na animnapu't tatlong taon, pagkaraan ng kanyang pagparating ng mensahe, at pagtupad ng tiwala, at pinayuhan ang nasyon, at nagsumikap para sa Allah ayon sa nararapat niyang pagsisikap, at iniwan tayo sa malinaw na katotohanan. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ng Allah ay sumasakanya at sa lahat ng mga propeta at mga mensahero.

## *Programa ng Ikalawang Araw*

**45 minuto** — **Quran**

- Pagpapaliwanag sa Banal na Qur'an, Surat-ul Fatihah, mula sa unag talata hanggang sa ikalawa

**45 minuto** — **Fiqh**

- Kadalisayan (Taharah) .. Pagwuwudu na isasagawa sa lahat ng mga mag-aaral sa harap ng guro

**Paalaala**

**Kailangang ulitin ang pag-aaral sa araw sa tatlong magkakahiwalay na mga panahon, na isinasaalang-alang ang mga oras ng lahat ng mga bagong Muslim, dahil ang ilan sa kanila ay angkop sa umaga, ang ilan sa hapon, at ang ilan sa gabi, at upang makayanan ng sinumang may gustong umulit na dumalo para mas maintindihan lalo.**

### Una: Ano ang Banal na Qur'an?

Ang Marangal na Qur'an ay ang salita ng Allah na ipinababa sa Kanyang Sugo na si Muhammad (s.a.w), at ito ay himala na nananatili at patuloy hanggang sa kukunin ng Allah ang lupa at sinumang naroroon. Ipinababa ito ni Allah upang sasambahin ang Allah sa pamamagitan ng pagbasa nito, at pagninilay-nilay at pagsasagawa nito. {Katotohanan, ito ay talagang isang Marangal na Qur'an, nasa iniingatang Aklat. Walang sumasaling rito maliban sa mga malilinis.} [Surat Al-Waqi'ah : 77-79], at sinabi ng Allah: {Aklat na Aming ipinababa sa iyo na mabiyaya, upang sila ay magguni-guni sa mga talata nito, at upang makaalaala ang mga taong merong pag-unawa.} [38:29]

### Ano ang katayuan ng Banal na Qur'an sa Islam?

Ang Banal na Qur'an ay itinuturing na unang sandigan sa pagsasabatas ng Islam, at gantimpalaan ng Allah ng maganda ang pagbasa nito:

Sinabi ng Mensahero ng Allah (s.a.w): "Ang sinumang bumasa ng isang letra sa Aklat ni Allah ay magkaroon ng kabutihan. At ang kabutihan ay merong sampung kasingtulad nito, hindi ko sasabihin ang Alif Lam Meem ay iisang letra, subalit ang Alif ay letra, at ang Lam ay letra, at ang Meem ay letra."

### Mga Katangian ng Banal na Qur'an:

Ito ay iniingatan mula sa pagbaluktot at pagkawala; Dahil inaalagaan ito ng Allah tulad sa Kanyang sinabi: { Katotohanan Kami ang nagpababa ng Paalala (Qur'an), at katotohanan Kami rin ang Tagapag-ingat nito} [15:9]

Siya ang selyo ng mga makalangit na mga Aklat at ang Mangingibabaw sa mga ito. At ang himala nito ay hamon, kaya walang makakaya

sa sinumang magdala ng kasingtulad nito, kahit isang talata?

Madali at magaang isasaulo, tulad sa sinabi ng Allah: {At katotohanan, ipinadali Namin ang Qur'an para sa pag-alaala, kung ganon meron bang makaaalala?} [54:17]

Pangalawa: Pagsasaulo ng Suratul Fatihah at ilang maiikling Surah. Upang mabasa ito sa mga Panalangin at sambahin ang Diyos sa pamamagitan ng pagbigkas ng Qur'an, tulad sa ipinagtitibay din namin sa bawat mag-aaral na dapat gawin itong panimulang punto sa pagbabasa at pagsasaulo sa Banal na Qur'an.

At minumugkahi para sa guro na buksan ang isa sa mga programa ng Qur'an sa mga kagamitan at paganahin para sa mga mag-aaral ang isa sa kanilang mga paboritong Tagabasa ng Qur'an, at hilingin sa mga mag-aaral na makinig sa kanya at ulitin. At sinusundan ito ng guro at tinitiyak na binibigkas nila ito ng tama ang Qur'an.

At isa sa mga mainam ay piliin (ang Aplikasyon ng Al-Minshawi Al-Mushaf Al-Mu'allim), kung saan mayroong pag-uulit sa mambabasa, at ang pamamaraang ito ay mas madaling makabisado ng mga mag-aaral, at mas tumpak para sa kanilang pagsasaulo, at ay malayo sa pagkakamali.

Gayundin isa sa mas mainam na ipapaliwanag ng guro ang mga kahulugan ng mga talata sa mga mag-aaral nang maiksi.

## *Kabanata ng Fatihah*

Surah Al-Fatiha

1. Bismillahir Rah'manir Raheem

2. Alhamdu lillahi rabbil  A'lameen

3. Ar' Rahmanir Raheem

4. Maliki yaw'mid Din

5. Iyyaka na'budu wa Iy'yaka nasta-en

6. Ih'dinas Siratal Mustaqem

7. Siratal La-dheena an-amta Alay'him Ghayril Magh'dobi Alay'him walad Dal-leen



## Fiqh

Ano ang Fiqh?

Sa wika: Pag-unawa, at sa Termino: Kaalaman sa mga batas sa Shariah kasama ang mga katibayan nito, - ang mga talata ng Qur'an at ang mga hadith ng Propeta-.

At ano ang kagandahan ng Pag-unawa sa relihiyon?

Sinabi ng Mensahero ng Allah (s.a.w): "Ang sinumang ginusto ng Allah sa kanya ng kabutihan ay ipapaunawa sa kanya ang relihiyon." Isinalaysay ni Bukhari

Binubuod namin para sa iyo dito ang pinakamahalagang bagay na dapat mong malaman tungkol sa mga batas ng iyong relihiyon:

Una: Kadalisayan at ilan sa mga hatol nito:

1. Kahulugan ng kadalisayan: Ito ay ang pag-alis ng dumi sa pamamagitan ng paghuhugas, pagliligo, o tayammum, at ang pag-alis ng karumihan sa katawan, damit, at lupa.

Ano ang makakatanggal sa mga Najasah (Karumihan)?

Ang karumihan ay inaalis mula sa labasan ng dalawang daanan - ang ari at ang puwit – gamit ang tubig, bato, o papel at iba pa. At maliban sa dalawang daanan, tulad sa damit at lupa, ang mga ito ay tinanggal sa pamamagitan ng pagtanggal ng kanilang bakas, gamit ang tubig o iba pa, kahit na sa pamamagitan ng araw at hangin.

2. Ang Katangian ng Wudu: Hugasan ang iyong mga palad, at pagkatapos ay pagmumog (umaagos ang tubig sa bibig), at ipasok ang tubig sa ilog at saka isinga (Pagpapasok ng tubig sa ilong at pagkatapos ay ilabas ito) at hugasan ang iyong mukha (mula sa mga dulo ng buhok ng karaniwang ulo, hanggang sa baba), pagkatapos ay hugasan ang iyong kanang kamay mula sa mga dulo ng mga daliri hanggang

sa siko, pagkatapos ay ang kaliwa, tulad niyan. Pagkatapos ay punasan mo ang lahat ng iyong ulo at mga tainga nang sabay-sabay, tapos hugasan mo yung kanang paa mo hanggang bukung-bukong, gayundin sa kaliwang paa. Ito ay tinatawag na Bahagyang Wudu. Tungkol naman sa kumpletong Wudu, ito ay paghuhugas ng bawat parte ng katawan ng dalawa o tatlong beses, maliban sa ulo at tainga, na dapat punasan lamang ng isang beses.

Sunnah na sabihin: (Sa pangalan ng Allah) bago simulan ang Wudu. Sunnah din na sabihin pagkatapos ng Wudu: "Ako ay sumasaksi na walang diyos maliban sa Allah na nag-iisa na walang katambal, at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Kanyang alipin at Kanyang Mensahero."

3. Mga Nakakasira ng Wudu: Lahat na lumalabas sa dalawang daanan (ihi, dumi, hangin, semilya, madhiy, wadi at dugo), at mahimbing na pagtulog o kawalan ng malay, at pakikipagtalik.

4. Mga katangian ng Ghusl (Pagliligo): Ito ay may dalawang katangian:

Ang Unang Katangian: Bahagyang Ghusl, na ibuhos ang tubig sa buong katawan.

Ang Pangalawang Uri: Kumpletong Ghusl (Pagligo), ang katangian nito: Wudu, pagkatapos ay pagbuhos ng tubig sa ulo ng tatlong beses, at pagkatapos ay hugasan ang kanang bahagi ng katawan, at saka ang kaliwa, at pagkasunod ay hugasan ang buong katawan.

5. Ang Ghusl ay kinakailangan sa tatlong kalagayan:

Kapag lumabas ang semilya, gising man o nananaginip sa oras ng pagtulog.

Sa pakikipagtalik kahit hindi pa siya nilabasan ng semilya.

Sa oras nawala sa babae ang regla o pagdurugo dahil sa panganganak.

Mainam maligo sa araw ng Biyernes, sa dalawang kapistahan, at sa pagpasok sa Islam.

### 6. Tayammum: Kailan ito puwede?

Ito ay isinasagawa sa sinumang hindi makahanap ng tubig, o hindi makapahugas nito dahil sa sakit o iba pa. At Sunnah kung banggitin ang Pangalan ng Allah kapag isagawa ang tayammum.

Ang katangian nito: Ang paghampas sa lupa gamit ang iyong mga palad, at pagkatapos ay ipunas ito sa iyong mukha at sa likod ng iyong mga palad.

### 7. Ano ang mga Sunnah ng Fitrah (Kalikasan)

1. Pag-ahit ng buhok sa maselang bahagi.

2. Pagpapatuli: Ang pagputol ng labis na balat na nakatakip sa dulo ng ari, sa oras siya ay ipinanganak. At tungkol naman sa pumapasok sa Islam na matanda na, kung kaya niyang magpatuli na hindi mapapahamak ay magpatuli, ngunit kung siya ay mapapahamak, ay hindi niya gawin.

3. Pagputol ng bigote: Ito ang tumutubo sa itaas ng labi.

4. Pagbunot ng buhok sa kilikili: Ito ay ang pagtanggal ng buhok sa ilalim ng itaas ng braso.

5. Pagputol ng mga kuko.

## Programa sa Pangatlong Araw

**45 minuto**

**Quran**

**Suratul Fatihah mula sa talata 3 hanggang sa talata 4**

**45 minuto**

**Fiqh**

Salah at mga Kondisyon nito

**Paalaala**

Kailangang ulitin ang pag-aaral sa araw sa tatlong magkakahiwalay na mga panahon, na isinasaalang-alang ang mga oras ng lahat ng mga bagong Muslim, dahil ang ilan sa kanila ay angkop sa umaga, ang ilan sa hapon, at ang ilan sa gabi, at upang makayanan ng sinumang may gustong umulit na dumalo para mas maintindihan lalo.


سُورَةُ الفَاتِحَةِ ١

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ ١
ٱلۡحَمۡدُ لِلَّهِ رَبِّ ٱلۡعَٰلَمِينَ ٢
ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ ٣ مَٰلِكِ يَوۡمِ ٱلدِّينِ ٤
إِيَّاكَ نَعۡبُدُ وَإِيَّاكَ نَسۡتَعِينُ ٥ ٱهۡدِنَا
ٱلصِّرَٰطَ ٱلۡمُسۡتَقِيمَ ٦ صِرَٰطَ ٱلَّذِينَ أَنۡعَمۡتَ
عَلَيۡهِمۡ غَيۡرِ ٱلۡمَغۡضُوبِ عَلَيۡهِمۡ
وَلَا ٱلضَّآلِّينَ ٧

وَآيَاتُهَا سَبۡعٌ

Pangalawa: Ang Salah at ilang mga hatol nito:

Ang Salah ay may dakilang katayuan sa Islam. Ito ang nakatanging pagsamba na ipinataw sa langit na kailangang gawin, nang ang Propeta ay umakyat sa langit. At ito ang pangalawang haligi ng Islam, at sandigan ng Islam, at ito ang bumubukod sa pagitan ng Islam at Pagtatakwil. Kaya ang sinumang umiwan nito ay nagtakwil, at ito ang unang huhusgahan sa alipin sa Araw ng Pagkabangon mula sa kanyang gawain. Kaya kung ito ay tinanggap ay tanggapin ang lahat niyang gawain, at kung ito ay tinanggihan ay tanggihan rin ang lahat niyang gawain. Ang sinumang nagtayo nito ay pagbawalan siya nito sa kahalayan at kasamaan at kasalanan. At ang Salah ay tumutulong sa hirap ng buhay at sa mga kalamidad na dumarating sa isang tao. At ang Salah ay nagtatanggal ng mga kasalanan at kamalian. Kaya ang alipin ay nangangailangan nito lagi hanggang sa mabubura ang kanyang mga kasalanan dahil sa nagawang kasalanan na may hangarin o walang hangad. At dadalhin ang Salah upang bibigatin ang timbangin ng kanyang mga mabubuting gawa at ilalayo siya sa Apoy ng Impiyerno at ipapalapit siya sa Paraiso.

At ang sinumang gustong tumingin sa katayuan ng Islam sa kanyang puso, ay tingnan niya ang lugar ng pagdarasal sa kanyang sarili. Kung ito ba ay ginagalang niya at iniibig, at nagmamadali siya rito, kung gayon ito ang katibayan ng kanyang pananampalataya at pagmamahal sa relihiyong ito.

At ang Salah ay hindi nawawala para sa isang Muslim kahit anong kalagayan hangga't ang kanyang pag-iisip ay gumagana, at magdarasal siya ayon sa kanyang kalagayan, kaya ito ay hindi nawawala kahit siya ay may-sakit magdasal siya ayon sa kanyang kalagayan, nakatayo

man, o nakaupo, o sa tagiliran o nakahiga. Itango niya ang kanyang ulo habang nakayuko at nakadapa, at hindi ito nawawala sa estado ng takot o pakikipaglaban. Kahit sa pangyayari na walang tubig at walang alikabok, tulad ng isang bilanggo o isang taong may sakit na hindi kaya lumabas na walang tutulong sa kanya sa paghuhugas, at walang magdadala sa kanya sa may alikabok. Kaya't siya ay magdasal at hindi niya iiwanan ang Salah at huwag ipapalabas ito sa oras kahit nawala ang ibang mga kondisyon nito, kahit magdasal siya na walang wudu o tayammum.

Pangalawa: Ang mga Oras ng Limang Pagdarasal:

Ang pagsasagawa ng mga panalangin sa oras ay obligado. Sinabi ng Allah: {Katotohanan, ang pagdarasal sa mga mananampalataya ay naging nakatalaga na nakaoras.} [Surah An-Nisa: 103].: Kaya ito ay obligado.

At binabawal ang pagpapaliban nito sa oras. Ang pagpapaliban nito sa oras na pasadya ay humahantong sa tao para hindi ito tanggapin, at ito ay isa sa mga malalaking kasalanan. Kaya obligado sa tao na gawin ito sa kanyang oras, kahit hindi niya kayang magsagawa ng Taharah sa kanyang sarili o hindi niya alam ang qiblah, o siya ay manlalakbay sa himpapawid, dagat, o iba pa. Dapat niyang idasal ito sa oras ayon sa kanyang kakayahan at kalagayan.

## Pagtukoy sa mga oras ng limang obligadong Panalangin:

**Faj'r** — Dalawang Rak'ah

2



Mula sa bukang–liwayliway na totoo hanggang sa pagsikat ng Araw.

**Dhuh'r** — Apat na Rak'ah

4



Kung umabot ang Araw sa gitna at ang mga lilim ay magkas–ing–tulad.

**As'r** — Apat na Rak'ah

4



Mula sa katapusan ng oras ng Dhuhr hanggang sa mangingi–law ng araw.

**Magh'rib** — Tatlong Rak'ah

3



Mula sa paglubog ng Araw hanggang sa mawala ang pamumula sa kalangitan.

**I'sha** — Apat na Rak'ah

4



Mula sa pagkawala ng pamumula sa langit hanggang sa kagitnaan ng gabi.

Pangatlo: Ang mga Kondisyon ng Salah ay siyam…

Ang Islam, Pag-iisip, Pag-unawa, Pagtatakip ng mga pribadong bahagi, Pag-aalis ng karumihan sa sarili, Pag-aalis ng karumihan, Paharap sa qiblah, Pagpasok sa oras, at Hangarin.

## *Programa ng Pang-apat na Araw*

45 Minuto

- Qur'an
- Suratul Fatihah mula sa 5 na talata hang-gang sa 6

45 Minuto

- Fiqh
- Katangian ng Salah: Isasagawa ang Salah para sa lahat na mag-aaral sa harap ng Guro.

**Paalaala**

Kailangang ulitin ang pag-aaral sa araw sa tatlong magka-kahiwalay na mga panahon, na isinasaalang-alang ang mga oras ng lahat ng mga bagong Muslim, dahil ang ilan sa kanila ay angkop sa umaga, ang ilan sa hapon, at ang ilan sa gabi, at upang makayanan ng sinumang may gustong umulit na dumalo para mas maintindihan lalo.


سُورَةُ ٱلْفَاتِحَةِ ١

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ ١
ٱلۡحَمۡدُ لِلَّهِ رَبِّ ٱلۡعَٰلَمِينَ ٢
ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ ٣ مَٰلِكِ يَوۡمِ ٱلدِّينِ ٤
إِيَّاكَ نَعۡبُدُ وَإِيَّاكَ نَسۡتَعِينُ ٥ ٱهۡدِنَا
ٱلصِّرَٰطَ ٱلۡمُسۡتَقِيمَ ٦ صِرَٰطَ ٱلَّذِينَ أَنۡعَمۡتَ
عَلَيۡهِمۡ غَيۡرِ ٱلۡمَغۡضُوبِ عَلَيۡهِمۡ
وَلَا ٱلضَّآلِّينَ ٧

وَآيَاتُهَا سَبۡعٌ

## Pang-apat: Katangian ng Salah:

Haharap ka sa qiblah, at pagkatapos ay mag-takbir upang makapasok sa estado ng Ihram sa Salah, at basahin ang Al-Fatihah at abot ng makakayanan mo mula sa Qur'an. Pagkasunod ay yumuko ka habang sinasabi: Allahu Akbar (Ang Allah ay Dakila), at sabihin mo sa pagyuko. : Subhana Rabbiyal A'dhem "Luwalhati sa aking Panginoon na Dakila" nang isang beses, at kung dinagdagan mo pa ay mas mabuti. Pagkatapos ay bumangon ka mula sa pagyuko at sasabihin: Sami Allahu liman hamida "Naririnig ng Allah ang sinumang pumuri sa Kanya." Rabbana wa lakal Ham'd "Aming Panginoon, at sa Iyo ang papuri." At kung ikaw ay nananalangin sa likod ng isang kongregasyon, ay dapat mong limitahan ang iyong sarili sa pagsasabi: " Rabbana wa lakal Ham'd." Pagkatapos ay sasabihin mo, Allahu Akbar "Ang Diyos ay dakila." At magpatirapa ka, at sabihin mo sa iyong pagpapatirapa: Subhana Rabbiyal A'la "Kaluwalhatian sa aking Panginoon, ang Kataas-taasan," nang isang beses, at kung dagdagan mo pa ay mas mabuti.

At pagkatapos ay itinaas mo ang iyong ulo mula sa pagpapatirapa at sabihin: Allahu Akbar (Ang Diyos ay dakila), pagkatapos ay umupo ka at sabihin sa iyong pag-upo: Rab'bigh fir li "Panginoon ko, patawarin Mo po ako" nang isang beses, at kung dagdagan mo ito ay mas mabuti, at pagkatapos ay magpatirapa sa pangalawang pagkakataon na nagsasabing: Allahu Akbar (Ang Diyos ay dakila), at sabihin sa iyong pagpapatirapa: Subhana Rabbiyal A'la "Kaluwalhatian sa aking Panginoon, ang Kataas-taasan," nang isang beses, at kung dagdagan mo ito ay mas mabuti. At pagkatapos ay bumangon mula sa pangalawang

pagpapatirapa, na nagsasabi: Allahu Akbar (Ang Diyos ay dakila), at tumayo para sa ikalawang Rak' ah. At pagkatapos ay gawin sa ikalawang Rak'ah gaya ng ginawa mo sa unang Rak'ah.

At kung natapos mo na ang pagpapatirapa sa ikalawang rak'ah, ikaw ay umupo at bigkasin ang mga ito: At'tahiyyaatu Lillahi Was Salawatu Wat'tayyibatu As`salamu Alaika Ay`yuhan'nabi'yo Warah`matullahi Wa baraka'tuhu As`salamu Alay'na Wa ala I'badil`lahis Sa'liheen, Ash'had'u' al'Laa ilaha illal'lahu Wa Ash'hadu Anna Muham`madan Abduhu Wa Rasoo'luh'

Allahumma Sal'leh Ala Sayyidina Muhammad Wa'ala' Aa'le Sayyidina Muhammad Kama Sal'lay'ta Ala Sayyidina Ibraheem Wa' Ala Aa'le Sayyidina Ibraheem. In'naka Hamee'dum Majeed.

Allahumma Baa'rik Ala Sayyidina Muhammad Wa' Ala Aale Sayyidina Muhammad Kama Baa'rak'ta Ala Sayyidina Ibraheem Wa' Ala Aale Sayyidina Ibraheem. Innaka Hameedum Majeed'.

At mainam na sasabihin rin niya ito pagkatapos:

Al`lahum`ma inni a'u'dhu'bika min a'dhabi Jahan`nam wa min a'dha'bil Qabri wa

min Fit`natil Mahya wal mamat Wa min sar'ri fit`natil Maseh-ed-Dajjal

At pagkatapos ay mag-Taslim: Habang lumilingon ka sa kanan na nagsasabi: "As-salamu alaikum wa Rahmatullah". At pagkasunod sa iyong kaliwa na sinasabi: "As-salamu alaikum wa Rahmatullah".

*Sa pamamagitan nito, natapos ang Salah, na binubuo ng dalawang Rak'ah.*

At kung ang pagdarasal ay tatlo o apat na Rak'ah: Kung natapos mo na ang pagpapatirapa sa pangalawang Rak'ah, ay umupo ka at bigkasin ang: "At-Tahiyyatu lillah... hanggang sa katapusan ng Tashahhud." Pagkatapos ay tumayo ka at sabihin: Allahu Akbar "Ang Diyos ay Dakila." Pagkatapos ay gagawin mo ang natitirang mga Rak'ah tulad ng

inilarawan sa unang Rak'ah at basahin lang ang Al-Fatihah na walang kasunod sa ibang kabanata. Pagkatapos ng huling Rak'ah ng tatlo o apat, kapag natapos mo na ang pagpapatirapa, ay umupo ka para sa huling Tashahhud at bigkasin ang:

Ang "At-Tahiyyatu lillah… at Salawat sa Propeta at Taawidad at mag-Taslim tulad sa ginawa mo sa ikalawang Rak'ah.

Pag-iingat: Hindi pinahihintulutang itaas ang paningin sa langit habang nagdarasal, dahil ito ay bawal.

((Ano ang sinasabi ng bagong Muslim sa kanyang panalangin?))

Buod sa sinasabi ng bagong Muslim sa kanyang panalangin ayon sa ipinahihiwatig ng Sunnah na ayon sa Mensahero (s.a.w):

### Pagkatapos ng Takbir sa Ihram habang nakatayo:

Kung hindi maisaulo ang Al-Fatiha ay babasahin niya ang madadali mula sa Qur'an; Kung kaya niyang bigkasin ang pitong talata. At kung hindi niya kaya ay sabihin niya: Subhanallahi wal Hamdulillah wa laa ilaha ilallallah, wallahu Akbar wa laa hawla wa laa quwata illa billah "Luwalhati kay Allah, at papuri ay para sa Allah, at walang diyos maliban sa Allah, at ang Allah ay dakila, at walang kapangyarihan o lakas maliban kay Allah." Kung tungkol sa pagyuko at pagpapatirapa, kung hindi niya kayang sabihin ang mga Tasbih, kanyang sabihin: Subhanallah "Luwalhati sa Diyos." At gayundin sa pagkasunod ng pag-angat mula sa pagyuko, Alhamdulillah "Papuri kay Allah," at sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa ay mag-Dua. At sa panahon ng Tashahhud, kung hindi niya ito naisaulo, kung gayon maaari niyang purihin si Allah, luwalhatiin, ipahayag na ang Allah ay dakila, at manalangin para sa Propeta na pagpalain nawa siya ng Diyos at bigyan siya ng kapayapaan, at magsumamo. Kung saan wala namang nabanggit dito.

At lahat ng aming nabanggit kung may kakayahan, at kung hindi niya masabi ang alinman sa mga Dhikir, bagkus ginawa niya ang mga Aktwal na haligi lamang, kung gayon ang kanyang panalangin ay tama, dahil ang anumang haligi, kondisyon, o obligasyon ay bumabagsak sa kawalan ng kakaya-

han. Samakatuwid, ang pagtuturo sa kanila ay dapat mabanayad at unti-unti.

At hindi ito nangangahulugan na dapat siyang maging pabaya sa paghahanap ng kaalaman na dapat niyang malaman. Kaya't dapat niyang gawin abot ng kanyang makakaya, tulad ng pagsasaulo ng Al-Fatihah at anumang bagay na madali mula sa Qur'an, gayundin ang sinasabi sa lahat ng mga haligi at tashahhud.

At ito ay kanais-nais na sabihin mo na mga Dhikr na ito pagkatapos ng Taslim sa obligadong panalangin:

As'tagh'firullah, As'tagh'firullah, As'tagh'firullah, Allahumma Antas Salam, wa minkas Salam, Tabarakta yaa Dhal Jalali wal Ikram, Laa ilaha illallah wahdahu laa Sharika lah, Lahul Mulku wa lahul Hamdu, wa huwa ala kulli Shay'in Qader, Allahumma laa mani'a lima A'tayta wa la mu'ti lima mana'ta, wa laa yanfa'u dhal Jaddi minkal Jadd.

Laa ilaha illallah wahdahu laa Sharika lah, Lahul Mulku wa lahul Hamdu, wa huwa ala kulli Shay'in Qader, Wa laa hawla wa laa quwata illa billah, Laa ilaha illallah, wa laa na'budu illah iyyahu, Lahun Ni'ma wa lahul fad'lu wa lahuth Thana'ul Hasan, Laa ilaha illallah mukh'lisina lahud din, wa law karihal kafirun.

At pagkatapos iyong sabihin: Subhanallah ng 33 na beses, at Alhamdulillah 33 na beses, Allahu Akbar 33 na beses, kaya lahat ay 99 at pagkumpleto ay para maging 100 ay pagsabi mo: Laa ilaha illallah wahdahu laa Sharika lah, Lahul Mulku wa lahul Hamdu, wa huwa ala kulli Shay'in Qader. Dahil ang sinumang nagsabi ng ganon ay mabura ang kanyang mga kasalanan kahit ito ay naging tulad ng bula sa dagat.

At pagkatapos basahin ang Ayatul Kursi:

{Allahu laa ilaha illa huwal Hay'yul Qay'yom. La ta khu'duhu sinatuw wala nawm

Lahu ma fes Samawati wama fel-ar'd. Man Dal lade yash'fa'u indahu illa bi-idnih. Ya'lamu mabayna aydehim wama khal'fahum. Wala yuhetona bi'shay-in min ilmihi illa bima sha. Wasi'a kursiyuhus samawati wal-ard. wala ya'o'duhu Hif'duhuma. Wa Huwa ala A'liyyul A'dheem.} 2:255

At pagkatapos basahin ang mga Surah: Qul A'u-dhu Birab'bil Falaq, at Qul A'u-dhu Birab'bin Nas.

## *Programa sa Ikalimang Araw*

45 Minuto

Qur'an

Suratul Fatihah sa 7

45 Minuto

Fiqh

Salah sa (5 at 6 at 7 at 8)

**Paalaala**

Kailangang ulitin ang pag-aaral sa araw sa tatlong magkakahiwalay na mga panahon, na isinasaalang-alang ang mga oras ng lahat ng mga bagong Muslim, dahil ang ilan sa kanila ay angkop sa umaga, ang ilan sa hapon, at ang ilan sa gabi, at upang makayanan ng sinumang may gustong umulit na dumalo para mas maintindihan lalo.

سُورَةُ الفَاتِحَةِ ١

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ ١
ٱلۡحَمۡدُ لِلَّهِ رَبِّ ٱلۡعَٰلَمِينَ ٢
ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ ٣ مَٰلِكِ يَوۡمِ ٱلدِّينِ ٤
إِيَّاكَ نَعۡبُدُ وَإِيَّاكَ نَسۡتَعِينُ ٥ ٱهۡدِنَا
ٱلصِّرَٰطَ ٱلۡمُسۡتَقِيمَ ٦ صِرَٰطَ ٱلَّذِينَ أَنۡعَمۡتَ
عَلَيۡهِمۡ غَيۡرِ ٱلۡمَغۡضُوبِ عَلَيۡهِمۡ
وَلَا ٱلضَّآلِّينَ ٧

وَآيَاتُهَا سَبْعٌ

Panglima: Mga Hindi Kanais-nais sa Salah

Paglingod na hindi naman kinakailangan, at pagtingin sa nakakaabala sa pagdarasal, at pamaywang o paglagay ng kamay sa balakang, at ibinuka ang kanyang mga braso habang nakadapa.

Pang-anim: Mga Nakakasira ng Salah:

Lahat ng bagay na nagpapawalang-bisa sa Wudu, at pagtalikod sa Qiblah, at pagdadag sa mga Haligi ng Salah o pagbawas ng mga haligi nang pasadya, at pagkansela sa hangarin sa pagdarasal, at pagkain at pag-inom, at pagsasalita sa labas ng pagdarasal, at sadyang paglalantad ng maselang bahagi ng katawan (ang maselang bahagi ng lalaki ay mula sa pusod hanggang sa tuhod, at para sa isang babae, ito ay lahat ng pribado maliban sa kanyang mukha sa Salah kung wala siyang kasama na hindi niya kamag-anak).

Pangpito: Mga Mahahalagang Panalangin sa Islam

Salatul Jum'ah: Ito ay isang obligadong panalangin para sa bawat lalaking Muslim sa Biyernes, sa halip na pagdarasal sa tanghali.

Salatul Eid sa umaga ng araw ng Eid: Ito ay isang Fardu Kifaya para sa mga lalaki, at isang Sunnah para sa mga kababaihan.

At Sunnah para sa Biyernes at Eid na maligo, maglinis, magsuot ng pinakamagandang damit at maglagay ng pabango, at iba pa.

Salatul Khusof: Sunnah, ito na dinasal kung merong Eklipse sa araw o buwan.

Salatul Istisqa: Sunnah, ito na dinasal kapag ang ulan at tubig ay bihira, at ang lupa ay naging tigang: walang halaman.

Salatul Janazah: (Dasal para sa ililibing), Ito ay Fardu Kifayah: [ibig sabihin, kailangang gawin ito ng ilang Muslim, kung hindi ay

lahat makasalanan].

Pangwalo: Mga Boluntaryong Salah

Ang kahalagahan nito: Ang boluntaryong pagdarasal ay may malaking kahalagahan sa Islam, dahil tinatapalan nito ang mga kakulangan ng mga obligadong panalangin, at inilalapit ang alipin sa pagmamahal ng Alah sa kanya. At kung minahal ng Allah ang Kanyang lingkod at gabayan siya sa paggawa ng lahat ng kabutihan at ilayo siya sa lahat ng kasamaan.

At ang mga uri nito:

Salah sa Witr: Ito ay isa, o tatlo, o lima, o pito, o siyam, o labing-isang rak'ah, at walang limitasyon ang dami nito, kaya't magdasal siya mula sa gabi hanggang kaya niya, at pagkatapos ay tapusin niya ang kanyang panalangin ng isa. rak'ah. At ang oras ng Salatul Witr ay mula pagkatapos ng pagdarasal sa I'sha hanggang sa Salah ng Fajr, at ang pagtatapos ng gabi ay mas mabuti.

Ang Mga Sunnah Tawatib: Ito ay labindalawang Rak'ah: dalawang Rak'ah bago ang pagdarasal ng Fajr, apat na Rak'ah bago ang pagdarasal sa Dhuhr at dalawang Rak'ah pagkatapos nito, dalawang Rak'ah pagkatapos ng pagdarasal ng Maghrib, at dalawang Rak'ah pagkatapos ng pagdarasal ng I'sha. At ang kabutihan ng mga Sunnah na ito ay dakila: Ang Propeta (s.a.w) ay nagsabi: " "Ang sinumang nagdasal ng labindalawang Rak'ah sa araw at umaga ay patayuan siya dahil dito ng bahay sa Paraiso." Isinalaysay ni Muslim.

Salatul Duha: Ang pinakamababa ay dalawang Rak'ah at ang pinakamarami ay walo, at ang oras nito ay pagkatapos ng pagsikat ng araw ng 15 na minuto hanggang sa bago ang tanghali ng 15 na minuto.

Salah na Sunnah: Kung saan ay ang magdasal siya ng marami hangga't gusto niya nang walang tiyak na bilang, dahil minamahal ng Allah ang panalangin, ngunit hindi dapat idasal ito sa mga oras na ipinagbabawal: at ito ay tatlo:

Una: Mula pagkatapos ng Salatul Fajr hanggang matapos ang pag-sikat ng araw ng 15 na minuto.

Pangalawa: Bago pumasok ang oras ng tanghali ng 15 na minuto, at tinatawag itong tanghaling tapat.

Ikatlo: Mula pagkatapos ng Salatul Asr hanggang sa paglubog ng araw.

## *Programa sa Ikaanim na Araw*

**45 Minuto**

- **Qur'an**
  - Suratul Fatihah (Pagsasaulo ng bawat Mag-aaral) at maiksing pangangahulungan ng Kabanata ng Fatiha

**45 Minuto**

- **Fiqh**
  - Taharah at Salah (Isasabuhay ito ng bawat mag-aaral)

**Paalaala**

Kailangang ulitin ang pag-aaral sa araw sa tatlong magkakahiwalay na mga panahon, na isinasaalang-alang ang mga oras ng lahat ng mga bagong Muslim, dahil ang ilan sa kanila ay angkop sa umaga, ang ilan sa hapon, at ang ilan sa gabi, at upang makayanan ng sinumang may gustong umulit na dumalo para mas maintindihan lalo.

## Maiksing Pangangahulungan ng Surah Fatihah

Sinabi ng Allah: {Bismillah}: Ibig sabihin, isinimulan ito tulad ng pagbabasa o sa gawain tulad sa pagsusulat: Sa ngalan ng Allah; Upang ilayo si Satanas, at ibaba ang pagpapala ng Maawaing Allah, at ang Kanyang tulong sa akin sa aking mga salita at gawa.

{Allah}: Katagang ginagalang, na siyang pangalan ng Allah, at ito ay hindi kinakabit sa sinuman maliban sa Kanya, at ito ay nangangahulugang: Isang sinasamba na karapat-dapat na sambahin at walang katambal, dahil sa mga katangian ng kamahalan at kasakdalan, kaya't kaluwalhatian sa Kanya.

{Ang Mahabangin, ang Maawain}: Dalawang pangalan na nagpapahiwatig na Siya ang Kataas-taasan, ang Pinakamahahabagin, ang Pinakamaawain, na sumasaklaw sa bawat nilalang, at ibinukod ng Diyos ang mga mananampalataya para sa Kanyang ganap na awa.

Nagsasabi: {Papuri kay Allah, Panginoon ng sanlibutan}: Ang papuri ay paglalarawan sa pinupuri ng ganap sa anumang kalagayan.

{Panginoon ng sanlibutan}: Ang Panginoon: Siya ang nag-aalaga sa mga daigdig sa pamamagitan ng Kanyang paglikha para sa kanila at sa Kanyang pamamahala sa kanilang mga gawain, at sa mga daigdig: silang lahat ay mga nilalang, kaya lahat maliban sa Allah ay sanlibutan.

Kanyang sinabi: { Ang Mahabangin, ang Maawain}: Ang kahulugan ay nabanggit na sa paliwanag ng Bismillah

Nagsasabi: {May-ari ng Araw ng Relihiyon}: Ang Araw ng Relihiyon ay ang Araw ng Muling Pagkabuhay.

At ang May-ari: Ang nangangasiwa ng lahat ng bagay, kaya sa Kanya ang pag-uutos at pagbabawal, at kapatawaran, at kaparusahan, at iba pa. At Siya ang May-ari ng mundong ito at ng Kabilang-Buhay,

ngunit pinili niya ang Araw ng Paghuhukom sa pagiging Hari dahil ipapakita Niya sa sanlibutan ang ganap, at ang pagsuko ng lahat ng mga hari sa mundo na yaong nag-angkin para sa kanilang sarili ng pagka-Diyos at pagkahari sa mundong ito nang walang katarungan gaya nina Faraon at iba pa.

Ang Kanyang sinabi: {Sa Iyo lamang kami sumasamba, at sa Iyo lamang kami nagpapasaklolo.}: Ibig sabihin, Ikaw lamang ang aming ibinubukod para sa pagsamba at hinihingian ng tulong, kaya Ikaw lamang ang aming sinasamba at hindi kami humihingi ng tulong bukod sa Iyo.

At nabanggit ang Pagpapasaklolo pagkatapos ng pagsamba, kahit na ito ay kabilang sa pagsamba dahil sa pangangailangan ng alipin sa lahat ng kanyang mga pagsamba sa paghingi ng saklolo sa Diyos na Makapangyarihan. At kung hindi siya tinulungan ng Diyos, hindi niya makukuha ang kanyang nais mula sa paggawa ng mga kabutihan at pag-iwas sa mga bawal. Kaya mas mainam para sa iyo na manalangin sa Allah nang palagian, at lalo na kung ikaw ay nananalangin sa huling Tashah'hud at saka iyong sasabihin: Rabbi A'ini ala Dhikika wa shuk'rika at husni ibadatika "Oh aking Panginoon, tulungan Mo po ako sa pag-alaala sa Iyo at pagpapasalamat, at mabuting pagsamba sa Iyo."

At ang pagsamba ay: ang lahat ng bagay na iniibig at kinalulugdan ng Allah, mula sa mga salita at gawa, sa panlabas man at panloob.

At ang paghingi ng tulong ay: Ang pagsandal sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat na nagdudulot ng mga pakinabang at pagtulak sa nakakapinsala, habang ang pagtitiwala sa Kanya sa pagkuha nito.

Ang kanyang kasabihan: {Patnubayan Mo kami sa matuwid na landas.} ibig sabihin ay gabayan Mo po kami sa matuwid na landas at bigyan Mo po kami ng katatagan rito.

Kaya ang kahilingan ng Muslim para sa patnubay ay nanganga-

hulugan ng pagdagdag dito, at katatagan, at pagkamatay rito. At ang matuwid na landas ay ang landas ng mga pinagpala ng Diyos sa mga propeta, at mga matapatin, at mga martir, at mga matutuwid.

Ang kanyang sinabi: { hindi sa landas ng kinapootan ay nasa kanila, at hindi rin sa mga naliligaw.} ay nangangahulugan ng ibang landas ng {ng mga kinapootan}: Sila mga taong nakaalam ng katotohanan at iniwan ito, o kaya binago nila at pinalitan tulad ng ang mga Hudyo. {At hindi}: ang landas ng {Naliligaw} yaong mga sumamba sa Allah sa kamangmangan at iniwan ang katotohanan dahil sa kamangmangan at kaligawan tulad ng mga Kristiyano.

At ang salitang: Amen: Ito ay hindi bahagi ng Al-Fatihah, at ang ibig sabihin ay: Oh Allah, sagutin Mo nawa, at kanais-nais na sabihin ito pagkatapos basahin ang Al-Fatihah, maging sa panalangin o sa labas ng panalangin.

## Programa sa Ikapitong Araw

**Isang oras at kalahati**

- Qur'an



- Pag-aaral sa Buong Kabanata ng Ikhlas at maiksing pangangahulungan ng Suratul Ikhlas

**Paalaala**



Kailangang ulitin ang pag-aaral sa araw sa tatlong magkakahiwalay na mga panahon, na isinasaalang-alang ang mga oras ng lahat ng mga bagong Muslim, dahil ang ilan sa kanila ay angkop sa umaga, ang ilan sa hapon, at ang ilan sa gabi, at upang makayanan ng sinumang may gustong umulit na dumalo para mas maintindihan lalo.

# سُورَةُ الإِخلَاص

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

قُلۡ هُوَ ٱللَّهُ أَحَدٌ ١ ٱللَّهُ ٱلصَّمَدُ ٢ لَمۡ يَلِدۡ وَلَمۡ يُولَدۡ ٣
وَلَمۡ يَكُن لَّهُۥ كُفُوًا أَحَدُۢ ٤

## Maiksing Pangangahulungan ng Suratul Ikhlas

1. Bismillahir Rah'manir Raheem

1. Qul huwal Lahu A'had 2.Allahus Samad 3. Lam yalid walam Yulad. 4. Walam yakul lahu Kufuwan A'had.

Ang: {Sabihin mo} ay salitang nakakatiyak rito, na dapat paniniwalaan, at alamin ang kahulugan nito.

{Siya ang Allah na nag-iisa}: ibig sabihin, ay umiikot lamang sa Kaisahan, dahil Siya ang Natatanging Isa sa pagiging perpekto, ang isa na may pinakamagagandang pangalan, perpekto, dakilang katangian, at sagradong mga aksyon, na walang katambal, at walang katulad.

{Ang Allah ay Sandigan}: ibig sabihin ay sa lahat ng pangangailangan, dahil ang mga nilalang sa itaas at ibaba ay labis na nangangailangan sa Kanya, at humihingi sila sa Kanya ng kanilang mga pangangailangan; dahil Siya ang Perpekto sa Kanyang mga katangian, ang Ganap na Nakaaalam sa Kanyang kaalaman, ang Mabanayad na naging ganap sa Kanyang pagtitiis, ang Pinakamaawain na naging ganap sa Kanyang awa, ang yaong sumasaklaw sa lahat ng bagay, at gayon din ang iba pang Kanyang mga katangian, at sa Kanyang pagiging ganap ay iyon:

{Hindi Siya nanganak at hindi ipinanganak}: para sa pagiging ganap ng Kanyang kasaganahan.

{At wala para sa Kanya naging katapat sa sinuman.}: Wala sa Kanyang mga pangalan at wala sa Kanyang mga katangian, at wala sa Kanyang mga gawain dahil Siya ang Mapagpala at ang Kataas-taasan.

Kasama sa Surah na ito ang Kaisahan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

## Programa sa Ikawalong Araw

**45 Minuto** — Qur'an

Pagsasaulo ng buong Suratol Ikhlas sa bawat mag-aaral

**45 Minuto** — Aqedah

Mga Antas ng Relihiyon at ang mga haligi ng Islam

**Paalaala**

Kailangang ulitin ang pag-aaral sa araw sa tatlong magkakahiwalay na mga panahon, na isinasaalang-alang ang mga oras ng lahat ng mga bagong Muslim, dahil ang ilan sa kanila ay angkop sa umaga, ang ilan sa hapon, at ang ilan sa gabi, at upang makayanan ng sinumang may gustong umulit na dumalo para mas maintindihan lalo.

# سُورَةُ الإِخْلَاصِ

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

قُلْ هُوَ ٱللَّهُ أَحَدٌ ١ ٱللَّهُ ٱلصَّمَدُ ٢ لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ ٣
وَلَمْ يَكُن لَّهُۥ كُفُوًا أَحَدٌۢ ٤

Pansinin

Dapat isaulo ng mag-aaral ang mga haligi ng Islam at mga haligi ng Pananampalataya.

Kung sasabihin sa iyo, ano ang mga antas ng relihiyon kung saan nagtatayo?

Kaya iyong sabihin ang mga antas ng relihiyon ay tatlo:
1. Islam 2. Ieman 3. Ihsan

At mga paliwanag nito ay :

Unang Antas: Islam

Ito ay may limang haligi: At ito ang Pagsasaksi na walang diyos maliban sa Allah at na si Muhammad ay Mensahero ng Allah, Pagtayo ng pagdarasal, Pagbibigay ng Zakat, Pag-aayuno sa Ramadan, at paglalakbay sa Bahay ni Allah para sa sinumang may kakayahan.

Ang unang haligi: Pagpapatotoo na walang diyos maliban kay Allah at si Muhammad ay Mensahero ng Allah:

Ang patotoong ito ay susi sa Islam at ang pundasyon nito kung saan nagtatayo rito.

At ang kahulugan ng Pagsasaksi: na dapat ang tao ay kumikilala sa katagang ito, habang kinikilala ng kanyang puso at binibigkas ng kanyang dila, na walang diyos maliban kay Allah, kaya isahin si Allah sa pagsamba at pag-iwan sa anumang sinasamba bukod sa Kanya.

At pagsasaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah: kailangang paniwalaan siya (s.a.w), at sundin ang kanyang ipinag-uutos, at iwasan ang kanyang ipinagbabawal at inaayawan, at paniniwalaan ang kanyang

binabalita, at huwag sasamba sa Diyos maliban sa batas na dumating sa kanya.

Ikalawang Haligi : Obligasyong Salah

Ito ang pinakadakila sa mga haligi ng Islam, ang limang pagdarasal na ginagawa sa araw at gabi, na bumubuo ng ugnayan sa pagitan ng alipin at ng kanyang Panginoon, kung saan siya ay nakikipag-usap sa Kanya at nananawagan. Kaya ang alipin ay nakakakuha ng kaginhawaan sa isip at katawan na nagpapasaya sa kanya sa mundong ito at sa Kabilang Buhay.

Ikatatlong Haligi : Zakah

Ito ang magaang kawanggawa na obligado sa mga mayayaman, para lilinisan ang kanilang pera at tumatanggal ng mga dumi mula sa kanilang mga ari-arian, at ibibigay ito sa mga mahihirap upang sila ay maaliw at matugunan ang kanilang mga pangangailangan.

Ikaapat na Haligi : Pag-aayuno sa Buwan ng Mabiyayang Ramadan

Ang pag-aayuno ay pagpigil sa pagkain, pag-inom at pakikipagtalik mula bukang-liwayway hanggang sa paglubog ng araw bilang pagsamba sa Diyos, at ang buwan ng Ramadan ay ang ikasiyam na buwan ng mga buwa sa Lunar.

Ikalimang Haligi : Hajj

Layunin maglakbay sa Sagradong Bahay ng Allah upang isagawa ang nakataging pagsamba sa isang tiyak na panahon, na ipinataw ng Allah sa sinumang may kakayahan ng isang beses sa isang buhay. Kung saan ang mga Muslim ay nagtitipon mula sa lahat ng dako ng mundo sa pinakamainam na lugar ng mundo (Makkah Al-Mukarramah). Ang mga lalaki ay nagsusuot ng iisang kasuotan, na walang pagkakaiba sa pinuno at sa nasasakupan, ang mayaman at sa mahihirap, ang itim at sa puti.

## Programa sa Ikasiyam na Araw

**45 Minuto**

- **Qur'an**
- **Pag-aralan ang buong kabanata ng Suratul Falaq**

**45 Minuto**

- **Aqedah**
- **Paniniwala at ang mga haligi nito**

**Paalaala**

Kailangang ulitin ang pag-aaral sa araw sa tatlong magkakahiwalay na mga panahon, na isinasaalang-alang ang mga oras ng lahat ng mga bagong Muslim, dahil ang ilan sa kanila ay angkop sa umaga, ang ilan sa hapon, at ang ilan sa gabi, at upang makayanan ng sinumang may gustong umulit na dumalo para mas maintindihan lalo.

# سُورَةُ الفَلَقِ

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

قُلۡ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلۡفَلَقِ ١ مِن شَرِّ مَا خَلَقَ ٢ وَمِن شَرِّ
غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ ٣ وَمِن شَرِّ ٱلنَّفَّٰثَٰتِ فِي ٱلۡعُقَدِ ٤
وَمِن شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ ٥

Ikalawang Antas : Paniniwala :

Ito ay isang kasabihan sa dila, paniniwala sa puso, at pagsasabuhay sa katawan. Dinadagdagan sa pagsunod at nababawasan sa pagsuway.

Ang mga haligi ng pananampalataya ay anim: Pananampalataya sa Allah, sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Aklat, sa Kanyang mga Mensahero, sa Huling Araw, at sa Tadhana, sa mabuti man at masama nito.

At ang pagpapaliwanag ay sa sumusunod:

1. Paniniwala sa Allah

Ito ay pagbubukod sa Allah sa pagsamba dahil Siya ang Tagapaglikha, ang Hari, ang Tagapagpanustos, ang Namamahala, ang Buhay, at Tagabawi ng buhay. At Siya ang karapat-dapat sa pagsamba, kaya hindi nililihis sa iba bukod sa Allah tulad ng pagsusumamo, panata at pagkatay. At meron Siyang pinakamagagandang pangalan at matataas na mga katangian, ang Allah ay nagsabi: { Sabihin mo na Siya ang Allah na nag-iisa. Si Allah ang Sandigan, Na hindi nanganak, at hindi ipinanganak. At wala para sa Kanya naging katapat sa sinuman.}

2. Paniniwala sa mga Anghel

Katotohanan, sila mga mararangal na mga aalipin na nilikha ng Allah, kaya't tinayo nila ang pagsamba sa Kanya, sumunod sa Kanya, at nagtalaga sa kanila ng iba't ibang gawain, at kabilang sa kanila sina Gabriel, Mikael, Israfil, at ang Anghel ng Kamatayan na ipinagkatiwala sa pagkuha ng mga kaluluwa.

3. Paniniwala sa mga Aklat

Ito ay paniniwala sa mga aklat ng Allah na ipinababa sa mga propeta at mga mensahero, tulad ng Torah na ipinababa kay Moses, sumakan-

ya nawa ang kapayapaan, ang Ebanghelyo na ipinababa kay Hesus, sumakaniya nawa ang kapayapaan, at ang mga Awit na ipinababa kay David, sumakanya nawa ang kapayapaan, at ang mga aklat ni Abraham, sumakanya nawa ang kapayapaan, at ang pinakahuli nito ay ang Banal na Qur'an na ipinababa kay Muhammad (s.a.w). At tinipon doon kung ano ang nasa mga naunang aklat. At inalagaan ng Allah ito, at pananatilihin itong katibayan sa lahat ng nilikha hanggang sa Araw ng Pagkabuhay.

4. Paniniwala sa mga Mensahero

Nagpadala ang Allah ng mga mensahero sa Kanyang nilikha, ang una sa kanila ay si Noah, sumakanya nawa ang kapayapaan. Sinundan siya ng maraming mga propeta pagkatapos niya, kasali na dito sina Abraham, Moses at Hesus, sumakanilang lahat ang kapayapaan, at ang huli sa kanila ay si Muhammad (s.a.w). Sinelyuhan ng Allah rito ang mga mensahe sa kanya at ipinadala siya sa lahat ng tao, kaya walang propeta pagkatapos niya.

5. Paniniwala sa Huling Araw

Ito ang Araw ng Pagkabuhay kung saan titipunin ng Allah ang lahat ng nilikha sa oras magsisitayuan ang mga tao mula sa kanilang mga libingan upang manatili kung sa kaligayahan ng Paraiso o sa pagdurusa ng Impiyerno.

6. Paniniwala sa Tadhana, mabuti man o masama :

Paniniwala na itinalaga ng Allah sa mga nilalang at pinasibol ang mga nilikha, at alam ng Allah ang mga gawa ng Kanyang mga alipin at ang mga tadhana ng Kanyang nilikha bago pa Niya sila likhain, at pinasulat Niya iyon sa Iniingatang Tablet, kaya anumang nangyari sa tao ay hindi para siya'y mamaliin, at anumang minali niya ay hindi para maiwasto siya.

## Programa sa Ikasampung Araw

**45 Minuto**

- **Qur'an**
- **Pagsasaulo ng buong Suratul Falaq salahat ng mga mag-aaral**



**45 Minuto**

- **Aqedah**
- **Ihsan**

**Paalaala**

Kailangang ulitin ang pag-aaral sa araw sa tatlong magkakahiwalay na mga panahon, na isinasaalang-alang ang mga oras ng lahat ng mga bagong Muslim, dahil ang ilan sa kanila ay angkop sa umaga, ang ilan sa hapon, at ang ilan sa gabi, at upang makayanan ng sinumang may gustong umulit na dumalo para mas maintindihan lalo.

## سُورَةُ الفَلَقِ

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

قُلۡ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلۡفَلَقِ ١ مِن شَرِّ مَا خَلَقَ ٢ وَمِن شَرِّ
غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ ٣ وَمِن شَرِّ ٱلنَّفَّٰثَٰتِ فِي ٱلۡعُقَدِ ٤
وَمِن شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ ٥

Ikatatlong Antas : Ihsan

Na sinasamba mo si Allah na para mo talaga Siyang nakikita, at kung hindi mo Siya nakikita, kung ganon Siya ang nakakakita sa iyo.

Sasambahin mo si Allah na para mo talaga Siyang nakikita: upang maramdaman mo ang Kanyang kadakilaan sa pamamagitan ng Kanyang dakilang mga katangian, at ang Kanyang ganap na kaalaman sa lahat ng bagay, at Kanyang pandinig sa lahat na naririnig, at Kanyang paningin sa lahat ng bagay, at Kanyang ganap na pamamahala, at kabaitan, at habag, at iba pa. At hindi ibig sabihin rito na kailangan mong tuklasin ang pisikal ng Allah dahil iyan ay hindi puwede sapagkat ang pag-iisip ay hindi ito maabot.

At sinabi niya: Kung hindi mo siya nakikita ay nakikita ka Niya. Nangangahulugan ito: iniisip mo ang pagmamasid ng Allah sa iyo at ang Kanyang kaalaman sa iyong mga kilos, at iyong mga pananalita, na nakahayag at nakatago. At walang anumang bagay sa Kanya ang nalilihim.

Sa pamamagitan nito, pinapalakas ang iyong pananampalataya sa Kanya at tatanggapin ang mga mabubuting gawa, at mag-iingat sa iyo sa paggawa ng bawat gawaing hindi ikalulugod ng iyong Panginoon, kaya kaluwalhatian sa Kanya.

Tanong : Ano ang kahulungan ng Pagsamba ?

Sagot : Ang pagsamba ay binubuo ng lahat na minamahal at kinalulugdan ng Allah mula sa mga salita at kilos, nakahayag man o panloob, tulad ng pagsusumamo, pagtaguyod ng mga ugnayan ng kamag-anak, at pagmamahal para sa kapakanan ng Allah.

Pagsusumamo: Ito ay pagsamba ng kawalan sa Diyos, at ito ay isa sa mga pinakamahusay na gawain ng pagsamba. Sinabi ng Allah :

{at sinabi ng inyong Panginoon, manalangin kayo sa Akin upang kayo'y Aking diringgin.} [40 :60] at sinabi ng Allah : {At humingi kayo sa Allah mula sa Kanyang kabutihang-loob.} [4 :32]

Ugnayan ng kamag-anak: Ito ang kabaitan sa mga kamag-anak, at ang koneksyon na may mabuting pakikitungo, maliwalas na mukha, kagalakan, pagdalaw sakanila, at pagbigay ng pera. Sinabi ng Mensahero ng Allah (s.a.w) : "Ang sinumang masiyahan na lalawak para sa kanya ang kanyang biyaya, o tatagal ang kanyang buhay, kung gayon ay kanyang iugnay ang kanyang kamag-anak." Isinalaysay ni Bukhari. At ibig sabihin, pinapataas nito ang kanyang buhay.

Pag-ibig para sa kapakanan ng Diyos: Ito ang pinakatuktok na uri ng pag-ibig, ang pinakaangat, at pinakamataas na katayuan. Ibig sabihin nito ang dahilan ng pag-ibig ay ang pagkatakot at katuwiran ng minamahal na iyon. At sa hadeeth tungkol sa pito na liliman ng Allah sa Kanyang lilim, isa sa mga nabanggit sa kanila: "Dalawang lalaki na nagmamahalan para sa kapakanan ng Diyos, sila ay nagsama rito at naghiwalay dahil dito."

## Ika-labing Isang Araw na Programa

**45 Minuto**

- Qur'an
- Pag-aaral ng buong Suratul Nas

**45 Minuto**

- Aqedah
- Isang kumpletong pagsusuri ng mga aralin

**Paalaala**

Kailangang ulitin ang pag-aaral sa araw sa tatlong magkakahiwalay na mga panahon, na isinasaalang-alang ang mga oras ng lahat ng mga bagong Muslim, dahil ang ilan sa kanila ay angkop sa umaga, ang ilan sa hapon, at ang ilan sa gabi, at upang makayanan ng sinumang may gustong umulit na dumalo para mas maintindihan lalo.

## Banal na Qur’an

### سُورَةُ النَّاسِ

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلنَّاسِ ﴿١﴾ مَلِكِ ٱلنَّاسِ ﴿٢﴾ إِلَٰهِ
ٱلنَّاسِ ﴿٣﴾ مِن شَرِّ ٱلْوَسْوَاسِ ٱلْخَنَّاسِ ﴿٤﴾ ٱلَّذِى
يُوَسْوِسُ فِى صُدُورِ ٱلنَّاسِ ﴿٥﴾

## Aqedah

Pagsusuri ng mga buong aralin sa Aqedah

## Programa sa Ikalabindalawang Araw

**45 Minuto** — Qur'an

- Pagsasaulo ng buong Suratul Nass sa lahat ng mga mag-aaral

**45 Minuto** — Hadith

- Pambungad at Pag-aaral sa Unang Hadith

**Paalaala**

Kailangang ulitin ang pag-aaral sa araw sa tatlong magkakahiwalay na mga panahon, na isinasaalang-alang ang mga oras ng lahat ng mga bagong Muslim, dahil ang ilan sa kanila ay angkop sa umaga, ang ilan sa hapon, at ang ilan sa gabi, at upang makayanan ng sinumang may gustong umulit na dumalo para mas

## سُورَةُ النَّاسِ

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

قُلۡ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلنَّاسِ ١ مَلِكِ ٱلنَّاسِ ٢ إِلَٰهِ
ٱلنَّاسِ ٣ مِن شَرِّ ٱلۡوَسۡوَاسِ ٱلۡخَنَّاسِ ٤ ٱلَّذِي
يُوَسۡوِسُ فِي صُدُورِ ٱلنَّاسِ ٥

Pansinin

Ang kursong ito ay naglalaman ng: isang panimulang pambungad sa hadith, at piling hadith mula sa mga pinagsama-samang mga salita ng Propeta (s.a.w), at ilang mga alaala.

Panimula: Ang ibig sabihin ng hadith ay mga Sunnah ng Propeta, kung saan mga salita at gawa at kasaysayan na mula sa Propeta (s.a.w).

Ano ang katayuan ng Sunnah sa Islam?

Ito ang pangalawang pinagmumulan ng pagsasabatas ng Islam, at ito rin tumutulong sa Qur'an at nagpapaliwanag. At Qur'an at ang Sunnah ay dalawang hindi dapat ipaghiwalay dahil ito ay ang ipagkukuhanan, kaya ang isa ay kailangang-kailangan para sa isa't isa, at ang pagsasabatas ay hindi magiging perpekto kung wala ang isa rito.

At mahalagang matutunan sa Pag-aaral ng Sunnah ng Propeta (s.a.w): Ito ay upang malaman ang mga detalye ng mga batas ng relihiyong Islam at upang masundan ang halimbawa ng Mensahero ng Allah (s.a.w), at matutunan ang mga kabutihan at kagandahang-asal, at pag-alaala sa Allah, at iba pa.

Ang mga hadith ng Propeta ay napakarami, kaya sapat na banggitin ang mga halimbawa nito. Hinahati namin ito sa dalawang bahagi:

Ang unang bahagi: Mga piling hadith mula sa mga koleksyon ng mga Kapamaraanan ng Propeta (s.a.w).

Ang ikalawang bahagi: Mga piling hadith mula sa mga salaysay at mga Dhikir na ito ay kanais-nais na ipagsamba sa Diyos sa pamamagitan ng pagsasalita nito.

Una: Mga Piling Hadith mula koleksyon sa mga Kapamaraanan ng Propeta (s.a.w).

1. Ayon kay Umar bin Khattab (r.a) na sinabi Propeta (s.a.w) : "Katotohanan, ang lahat ng mga gawain ay may hangarin, at bawat tao ay merong hinahangad. Ang sinumang lumikas para sa Allah at sa Mensahero ni Allah, ang kanyang paglikas ay para sa Allah at sa Kanyang Mensahero. At sinumang lumikas para sa makamundong bagay na kanyang makakamit o babaeng papakasalan, ang kanyang paglikas ay ayon sa kanyang paglikas." Isinalaysay ni Bukhari at Muslim

Itong dakilang hadith ay nagpapahiwatig ng: Pagdakila sa hangarin, at kailangan ng taos-pusong sa paggawa para sa Allah, at nagpapahiwatig na ang bawat tao ay gagantimpalaan at mananagot ayon sa kanyang intensyon sa bawat kilos na kanyang ginagawa o sinasabi, na nag-aanyaya sa iyo na alalahanin ang mabuting hangarin palagi, kahit na sa iyong mga pinahihintulutang gawa at salita, upang ikaw ay gantimpalaan nito.

## *Programa sa Ikalabintatlong Araw*

**45 Minuto**

- Qur'an
- Pag-aaral ng buong Suratul Nass

**45 Minuto**

- Hadith
- Pagbabasa at Pagliliwanag sa naiwang mga Hadith (2,3,4, at 5)

**Paalaala**

Kailangang ulitin ang pag-aaral sa araw sa tatlong magkakahiwalay na mga panahon, na isinasaalang-alang ang mga oras ng lahat ng mga bagong Muslim, dahil ang ilan sa kanila ay angkop sa umaga, ang ilan sa hapon, at ang ilan sa gabi, at upang makayanan ng sinumang may gustong umulit na dumalo para mas maintindihan lalo.

سُورَةُ النَّصۡرِ

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

إِذَا جَآءَ نَصۡرُ ٱللَّهِ وَٱلۡفَتۡحُ ١ وَرَأَيۡتَ ٱلنَّاسَ
يَدۡخُلُونَ فِي دِينِ ٱللَّهِ أَفۡوَاجٗا ٢ فَسَبِّحۡ بِحَمۡدِ رَبِّكَ
وَٱسۡتَغۡفِرۡهُۚ إِنَّهُۥ كَانَ تَوَّابَۢا ٣

2. Inulat ni Aisha (r.a) na sinabi ng Mensahero ng Allah (s.a.w): "Ang sinumang gumawa ng gawain na hindi naman naming inutos ay dapat itanggi." Isinalaysay ni Muslim

Itong hadith ay nagpapahiwatig ng: Kailangang sumunod sa Propeta (s.a.w) sa lahat na gawain. At sinumang sasamba kay Allah ng isang gawain na hindi naman galing sa Propeta (s.a.w) ay itatanggi.

3. Inulat ni Abdullah bin Amru (r.a) na ang Mensahero ng Allah (s.a.w) ay hindi malaswa at hindi bastos." At kanyang sinasabi dati: "Katotohanan, ang pinakamainam sa inyo ay mga merong pinakamabuting ugali." Isinalaysay ni Bukhariat Muslim

Itong hadith ay nagpapahiwatig ng: kahalagahan ng mabuting asal, at gagawahin ng tao ito upang maging isa sa mga pinakamagaling at pinakamabuting tao.

4. Inulat ni Abdullah bin Mas'ud (r.a) na sinabi ng Mensahero ng Allah (s.a.w): "Nasa inyo dapat ang katapatan, sapagkat tunay ang katapatan ay gumagabay sa kabutihan, at ang kabutihan ay gumagabay sa Paraiso, at ang isang tao na nagpapatuloy sa katapatan hanggang sa siya'y itatala kay Allah bilang matapatin. At layuan ninyo ang pagsisinungaling dahil ang pagsisinungaling ay gumagabay sa kasamaan, at ang kasamaan ay gumagabay sa Impiyerno, at ang isang tao na nagpapatuloy sa pagsisinungaling hanggang siya ay itatala sa Allah bilang nagsisinungaling." Isinalaysay ni Muslim

Itong hadith ay nagpapahiwatig ng: katayuan ng katapatan sa Islam at ito ay nagdadala sa Paraiso, at ang panganib ng pagsisinungaling at na ito ay nagdadala sa Impiyerno.

5. Inulat ni Abu Huraira (r.a) na sinabi ng Propeta (s.a.w): "Ang tanda ng mapagkunwari ay tatlo, kapag siya'y nagkuwento ay nagsis-

inungaling, at kapag nangako ay sinisira, at kapag pinagkatiwalaan ay nandadaya" Isinalaysay ni Bukhari at Muslim

Itong hadith ay nagpapahiwatig ng: Babala laban sa pagkukunwari, at sa pagitan ng ilan sa mga katangian ng mga mapagkunwari na dapat iwasan.

## *Programa sa Ikalabing-apat Araw*

**45 Minuto**

- **Qur'an**
  - Pagsasaulo ng buong Suratul Nasr sa lahat ng mga mag-aaral

**45 Minuto**

- **Hadith**
  - Hadith numero 6 at 7 at ang naiwang mga aralin ng Hadith

**Paalaala**

Kailangang ulitin ang pag-aaral sa araw sa tatlong magkakahiwalay na mga panahon, na isinasaalang-alang ang mga oras ng lahat ng mga bagong Muslim, dahil ang ilan sa kanila ay angkop sa umaga, ang ilan sa hapon, at ang ilan sa gabi, at upang makayanan ng sinumang may gustong umulit na dumalo para mas maintindihan lalo.

سُورَةُ النَّصۡرِ

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

إِذَا جَآءَ نَصۡرُ ٱللَّهِ وَٱلۡفَتۡحُ ١ وَرَأَيۡتَ ٱلنَّاسَ
يَدۡخُلُونَ فِي دِينِ ٱللَّهِ أَفۡوَاجٗا ٢ فَسَبِّحۡ بِحَمۡدِ رَبِّكَ
وَٱسۡتَغۡفِرۡهُۚ إِنَّهُۥ كَانَ تَوَّابَۢا ٣

6. Inulat ni Abu Huraira (r.a) na sinabi ng Mensahero ni Allah (s.a.w: "Alam ba ninyo kung ano ang panlilibak?" Kanilang sinabi: "Ang Allah at ang Kanyang Mensahero ay higit na nakakaalam." Kanyang sinabi: "Ang pagbanggit mo sa iyong kapatid na kanyang kinasusuklaman." May nagsabi sa kanya: "Paano kung sa aking kapatid ay tulad sa aking sinasabi." Kanyang sinabi: "Kung meron siya sa iyong sinasabi ay talagang nilibak mo siya, ngunit kung wala naman kung ganon ay tunay siniraang-puri mo siya." Isinalaysay ni Muslim

Itong hadith ay nagpapahiwatig sa kahulungan ng panlilibak: At ito ay nagpapaalala sa tao sa anumang kanyang kinasusuklaman sa kanyang pagkawala, at alam natin ang panlilibak ay isa sa mga malalaking kasalanan na dapat maging maingat na hindi mahulog rito.

7. Ayon kay Abdur Rahman bin Abu Bakrah (r.a) na ayon sa kanyang tatay nagsabi: "Nandoon kami sa Mensahero ni Allah (s.a.w) at siya'y nagsabi: "Ibabalita ko ba sa inyo kung ano ang pinakamalaking mga kasalanan ay tatlo. Ang Pagtatambal sa Allah, at pagsuway sa mga magulang, at pagsasaksi sa kasinungalingan o pagsasalita ng kasinungalingan." Isinalaysay ni Muslim

Itong hadith ay nagpapahiwatig sa panganib ng Shirk: Dapat mag-ingat sa pagkahulog dito, at pahayag ng kadakilaan ng karapatan ng mga magulang at paglayo sa pagsuway sa kanila, at mag-ingat sa pagsasaksi na kasinungalingan o pagsasalita nito dahil ito ay isa sa mga malalaking kasalanan.

Pangalawa: Mga piling hadith mula sa mga salaysay at mga Dhikir na kanais-nais na ipagsamba sa Diyos sa pamamagitan ng pagsasalita nito:

Ang pag-alaala sa Allah ay sa puso, at dila, at mga parte ng katawan. At talagang hinikayat ng Allah na damihan ang Dhikr sa Kanya tulad ng sinabi ng Banal na Qur'an: {Oh mga yaong naniwala! Alalahanin ninyo si Allah ng napakaraming pag-alaala.} [33:41]. At gayundin sa sinabi ng Propeta (s.a.w): "Katulad sa yaong umaalala sa kanyang Panginoon, at sa yaong hindi umaalala ay parang buhay at patay."

## Programa sa Ikalabinlimang Araw

**45 Minuto**

- **Qur'an**
  - Pag-aaral ng buong Suratul Khawtar

**45 Minuto**

- **Hadith**
  - Mga Hadith na Dhikir na ipapasaulo sa lahat ng mga mag-aaral.

**Paalaala**

Kailangang ulitin ang pag-aaral sa araw sa tatlong magkakahiwalay na mga panahon, na isinasaalang-alang ang mga oras ng lahat ng mga bagong Muslim, dahil ang ilan sa kanila ay angkop sa umaga, ang ilan sa hapon, at ang ilan sa gabi, at upang makayanan ng sinumang may gustong umulit na dumalo

سُورَةُ الكَوۡثَرِ

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

إِنَّآ أَعۡطَيۡنَٰكَ ٱلۡكَوۡثَرَ ١ فَصَلِّ لِرَبِّكَ وَٱنۡحَرۡ ٢
إِنَّ شَانِئَكَ هُوَ ٱلۡأَبۡتَرُ ٣

Anmg Dhikir sa Allah ay merong mga napakaraming uri, at kabilang ang:

Una: Dhikir sa Allah sa lahat ng oras at panahon:

Tulad sa pagsabi: Subhanallah, Alhmadulillah, Laa ilaha illallah, Allahu Akbar, Laa hawla wa la Quwata illa billah. Sinabi ng Mensahero ng Allah (s.a.w):" "Pinakamamahal na salita sa Allah ay apat, Subhanallah, at Alhamdulillah, at Laa ilaha illallah, at Allahu Akbar."

Tulad sa pagsabi: "Laa hawla wa la Quwata illa billah" Isa sa mga kayamanan ng Paraiso.

Sinabi ng Propeta (s.a.w): "Ang sinumang nagsabi ng Subhanallahi wa Bi Hamdihi [Kaluwalhatian kay Allah at Papuri] ng isang daang beses sa loob ng isang araw ay buburahin ang kanyang mga kasalanan kahit pa ito ay kasingtulad ng mga bula sa karagatan." Isinalaysay ni Bukhari

Sinabi ng Propeta (s.a.w): "Dalawang salita na kamahal-mahal sa Maunawaing Allah, at magaan sa dila, ngunit mabigat sa Timbangan Subhanallahi wa bihamdi at Subhanallahil A'dhem. [Kaluwalhatian sa Allah at sa Kanya ang papuri, Kaluwalhatian sa dakilang Allah.]"

Pangalawa: Pag-alaala sa Allah sa umaga at gabi:

Pagbabasa ng mga Surah: Ikhlas at Falaq at Nass ng tatlong beses, sa umaga at gabi at bago matulog.

" Laa ilaha illallah wahdahu laa Sharika lah, Lahul Mulku wa lahul Hamdu, wa huwa ala kulli Shay'in Qader." ng sampung beses sa umaga.

"Subhanallah wa bihamdihi" ng isang-daang beses. Ang sinumang nagsabi nito ay walang nagdala sa sinuman na mas mainam kaysa nag-

dala nito maliban sa sinumang nagsabi tulad nito o higit pa.

"Bismillahil la'dhi laa yadur'ru ma'as'mihi shay'un fil Ar'd wa laa fis sama'i, wa huwas Sami'ul Alim" ng tatlong beses, Sinumang nagsabi nito ay hindi mapapahamak ng anumang bagay.

Pagbabasa ng Ayatul Kurse sa umaga at gabi at sa pagtulog at katapusan ng Salah.

Pagbabasa ng Dalawang huling Ayah sa Surah Baqarah sa umaga at gabi.

At kalugod-lugod na sasabihin mo "Bismillah" bago ng Wudu, at bago ang pagpasok sa palikuran, at bago kumain at uminom, at kapag pumasok sa masjid at paglabas rito, at sa pakikipagtalik at iba pa.

At kung natapos mo na ang pagkain at pag -inom, iyong sasabihin: "Alhamdulillah"

Mas mainam na damihan ang paghingi ng kapatawaran sa lahat ng oras, dahil ito ay kasali sa pag-alala kay Allah, kaya iyong sasabihin: "As'tagh'firullah, As'tagh'firullah, As'tagh'firullah… o kaya, Rab'bigh firli wa tub alayya," at iba pa.

Kaya damihan mo ito sa lahat ng oras; dahil nakasaad ito sa Qur'an at Sunnah.

## Ikalabing-Anim na Araw na Programa

**45 Minuto** — Qur'an

- Pagsasaulo ng buong Suratul Khawtar sa lahat ng mga mag-aaral

**45 Minuto** — Hadith

- Suriin ang buong aralin sa Hadith

**Paalaala**

Kailangang ulitin ang pag-aaral sa araw sa tatlong mag-kakahiwalay na mga panahon, na isinasaalang-alang ang mga oras ng lahat ng mga bagong Muslim, dahil ang ilan sa kanila ay angkop sa umaga, ang ilan sa hapon, at ang ilan sa gabi, at upang makayanan ng sinumang may gustong umulit na dumalo para mas maintindihan lalo.

## Banal na Qur'an

سُورَةُ الكَوثَرِ

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

إِنَّآ أَعۡطَيۡنَٰكَ ٱلۡكَوۡثَرَ ١ فَصَلِّ لِرَبِّكَ وَٱنۡحَرۡ ٢

إِنَّ شَانِئَكَ هُوَ ٱلۡأَبۡتَرُ ٣

## Hadith

Suriin ang buong aralin sa Hadith

## *Ikalabing-Siyam na Araw na Programa*

**45 Minuto**

**Qur'an**

- Buong Suratul A'sar ay isasaulo sa araw na ito.

**45 Minuto**

**Kulturang Islam**

- Kabuoan ng Islam sa Mensahe, buod ng pagiging perpekto at pagpaparaya ng relihiyong Islam

**Paalaala**

Kailangang ulitin ang pag-aaral sa araw sa tatlong mag-kakahiwalay na mga panahon, na isinasaalang-alang ang mga oras ng lahat ng mga bagong Muslim, dahil ang ilan sa kanila ay angkop sa umaga, ang ilan sa hapon, at ang ilan sa gabi, at upang makayanan ng sinumang may gustong umulit na dumalo para mas maintindihan lalo.

# سُورَةُ العَصۡرِ

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

وَٱلۡعَصۡرِ ١ إِنَّ ٱلۡإِنسَٰنَ لَفِي خُسۡرٍ ٢ إِلَّا ٱلَّذِينَ ءَامَنُواْ
وَعَمِلُواْ ٱلصَّٰلِحَٰتِ وَتَوَاصَوۡاْ بِٱلۡحَقِّ وَتَوَاصَوۡاْ بِٱلصَّبۡرِ ٣

## شمول

Ito ang ilang mga utos na inuutos ng Islam, at ilang mga bawal na ipinagbawal, na hindi ipinaliwanag, at kailangang linawin:

Una: Isa sa mga inutos ng Islam

| | | |
|---|---|---|
| Katapatan ng pagsamba sa Allah | Katapatan | Magandang Pakikitungo sa magulang |
| Mabuting Pag-uugali | Ugnayan ng Kamag-anak | Pagtupad ng Kasunduan |
| Kalinisan | Kabaitan | Pagtugon sa Paanyaya |
| Pagpapakumbaba | Pagtitiis | Pagpapahaba ng balbas |
| Kapatiran sa Islam | Kabaitan sa Kapit-bahay | Pagparangal sa mga Bisita |
| Pagpalaganap ng Kapayapaan | Pagpapakain | Pagmamahal sa mga Muslim |
| Pagtulong sa mga inaapi | | Habag sa lahat na tao |

**Pangalawa**: **Isa sa mga ipinagbawal ng Islam**:

| | | |
|---|---|---|
| Pagsuway sa magulang | Pag-iwan sa Salah | Pagtatambal sa Allah |
| Panlilibak | Alak at droga | Salamangka |
| Pagbibintang sa mga Inosenteng babae | Pagkain ng yaman ng Ulila | Pagkain ng Patubo |
| Pagputol ng ugnayan sa Kamag-anak | Pagpatay ng tao | Paninirang-puri |
| Kabaklaan | Pangangalunya | Pagkain ng Bawal |
| Pagsusumpa | Pagnanakaw | Panunuhol |
| | Pagsusugal | Pagtataksil |

At ang iba naman ang tao ay nagiging katulad ng hayop na wala iniisip bukod sa kanyang pagnanasa at hilig.

Buod ng Pagiging Perpekto ng Relihiyong Islam at Pagpaparaya nito

Ang relihiyon na ito ay relihiyon na kinalugdan ng Allah para sa Kanyang nilikha bilang relihiyon na madali at magaan, kung saan walang hirap at kagipitan. Hindi obligado sa pumasok sa Islam kung hindi niya makakayahan. Relihiyon na ang pundasyon nito ay pagsamba sa Allah lamang na nag-iisa, at ang sagisag nito ay katapatan.

At ang mga utos ng Islam lahat ay hustisya, dahil nag-aanyaya ito ng pagiging mabuti, at nanawagan para sa katapatan, at kalinisang-puri, at hustisya, at pananatili ng mga kasunduan, at pagtupad sa mga ipinagkatiwala, at pagpaparangal sa panauhin, at pagsasaugali ng maganda na nagbibigay sa lahat ng may karapatan ng kanyang karapatan mula sa malaki at maliit, lalaki, at babae. At nanawagan ito para kamitin ang kasiyahan ng buhay sa paghangad at sa katamtaman. At hindi nag-uutos bukod na merong ibabalik sa mundo na kaligayahan at tagumpay, at hindi nagbabawal bukod sa nagdudulot ng pagdurusa at kapinsalaan sa mga alipin. At ang lahat ng mga utos ng Shariah na ito ay ayon sa kakayahan ng tao, kaya hindi po ito nag-uutos kung hindi mo kayang gawin, at kung nakalimot siya, o mangmang, o isang pagkakamali, ay patawarin siya, sapagkat ang relihiyon na ito ay batay sa awa.

Kabilang sa pagiging perpekto ng Islam: Pagbibigay sa mga kababaihan ng isang mahusay na posisyon, at kumpletong mga karapatan tulad ng lalaki:

Ang Islam ay ganap na pangkalahatang relihiyon na hindi nagpapabaya sa mga karapatan ng mga kababaihan sa batas at hatol. Ang Islam ay dumating upang itaas ang kalagayan ng mga kababaihan, at pinarangalan ang kababaihan na hindi pinarangal ng anumang relihiyon o sibilisasyon bago ito, dahil ang mga kababaihan sa Islam ay mga

kabiyak ng mga kalalakihan. At ang babae mula bata pa lang ay sakop na ng batas ng Islam, kaya napanatili ang kanyang karapatan at dangal mula pa noong bata pa siya, pinangalagaan ang kanyang karapatan sa pagpapasuso, at pag-aaruga sa kanya, at mabuting edukasyon. At pagkatapos nang siya ay lumaki, siya ay paralangan ng kanyang pamilya, at pinapasaklaw siya ng kanyang tagapangalaga, kaya't walang pinapahintulutan sa sinuman na pagbuhatan siya ng kamay. At kung siya ay nakapag-asawa ay pinapalagay ng Allah ang kasunduan sa kasal na merong matibay na pakipagtipan. At inutusan ang kanyang asawa na parangalan siya, at maging mabuti sa kanya. At kung siya ay naging isang ina, ang pakikitungo ng mabuti sa kanya ay isa sa mga obligasyon; at ito ay kaakibat sa karapatan ng Allah, at kung siya ay naging isang kapatid na babae, tiyahin, o lola, kung gayon ang tao ay inuutusang idugtong ang kanyang ugnayan bilang pamilya, at maging mabait sa kanya.

Pinarangalan ng Islam ang babae sa oras binigyan siya ng karapatan sa pagmamay-ari ng mga bagay-bagay, at karapatang mag-upa, at magbenta, at bumili, at iba pa. At ginagarantiyahan ng Islam ang karapatan ng mga kababaihan sa pag-aaral, bagkus ang pag-aaral ay obligasyon ng bawat lalaki o babaeng Muslim, tulad ng pagiging perpektong kaloob ng Islam sa dignidad ng mga kababaihan na isinabatas ng Diyos para sa kanya ang mga hatol na mag-aalaga sa kanya at mag-iingat laban sa mga malalaswang salita, at mapanlukong mga mata, at mga kamay na aabot sa babae na may masamang balak. Kaya inutusan siya na magsuot ng Hijab, at umiwas sa paghahalo sa mga kalalakihan, at iba pang mga bagay na iingat sa kanyang dangal.

Gayundin, ayon sa batas ng Islam, ang babae ay meron ding karapatan sa mana, at walang sinuman ang makakahadlang sa kanya mula rito. Kaya ang babae sa Islam ay marangal sa lahat niyang mga kalagayan at buo niyang buhay, at saka titira siya sa pangangalaga ng kanyang mga magulang, at pangangalaga ng kanyang asawa, at ma-

gandang pakikitungo ng kanyang mga anak.

Pinahihintulutan ng Islam ang isang babae na makipaghiwalay sa kanyang asawa kung siya ay ginagawan ng masama, o inaapi o minamaltrato o meron siyang ayaw sa kanyang asawa.

Panghuling Payo sa iyo :

Minamahal kong kapatid, noong pinarangalan ka ng Allah at pinaboran ka sa maraming tao at pinili ka para sa dakilang pagpapalang ito; Ang pagpapala ng patnubay sa Islam, dahil dito makakamit mo ang kaligayahan sa mundo at sa Kabilang Buhay.

Pinapayo namin ang ilang mga payo, ang pinakamahalaga sa mga ito ay:

Una: Kailangan mong pangalagaan ang biyayang ito at katakutan ang pagkawala nito, kaya lagi mong hihilingin sa iyong Panginoon na maging matatag dito hanggang sa kamatayan, dahil ang iyong Panginoon ay nag-utos: {Oh mga yaong naniwala, katakutan ninyo si Allah ng totoong pagkatakot, at huwag talaga kayong mamamatay maliban na kayo'y mga muslim.} [5 :102]

Pangalawa: Mag-ingat na baka mamangha ka sa iyong sarili at malihis ka rito, dahil baka ikaw ay maligaw sa Islam sa isang pagsubok na mangyayari sa iyo. Kaya kailangan mong humingi sa iyong Panginoon ng katatagan, na nagsasabi: "Oh Tagakulob ng mga puso, patatagin Mo ang aking puso sa Iyong relihiyon." Kaya ang iyong huwaran at propeta at si Muhammad (s.a.w) na madalas sa pagsusumamo kay Allah. At binanggit ng Allah ang pagsusumamo ng Kanyang matutuwid na mga alipin : {Oh aming Panginoon, huwag Mong ililihis ang aming mga puso pagkatapos Mo kami napatnubayan.} [Al-Imran: 8].

Ikatlo: Sikaping gawin ang mga dahilan ng pagiging matatag sa Islam, at ang pinakamahalaga sa mga ito ay:

Pagsunod sa mga utos ng Allah at pag-iwas sa lahat ng Kanyang binawal.

Pananatili sa pag-iingat sa Salah sa mga oras nito.

Damihan ang mga Dhikir at pag-alala sa Allah at paghihingi ng Kapatawaran.

Pagbasa ng isang bahagi sa Banal na Qur'an araw-araw, at kahit pa ito ay paulit-ulit mula sa maikling mga kabanata; Dahil ang Qur'an ay isang lunas para sa mga tao mula sa mga sakit ng pagnanasa at hinala.

Dapat ikaw ay magroon ng mabubuting kasamahan, dahil sila ay magpapayo sa iyo ng katotohanan at pagpasensya.

Dapat magkaroon ka lagi ng kamalayan na ang iyong Panginoon ay binabantayan ka at pinoprotektahan at tinutulungan.

Ikaapat: Lumayo sa lahat na gumagambala sa iyo sa Islam, baka ikaw ay umalis dito at ilalahad ang iyong sarili sa kaparusahan mula sa Allah. Kabilang sa mga pinakamahalagang dahilan ng pagkalihis na dapat mong layuan ay:

Kasalanan, malaki man o maliit

Pagsama sa mga masasamang kaibingan, at sa sinumang makakaapekto sa iyo at saka mahuhulog ka sa kasamaan.

Pagiging pabaya sa pagdarasal, at pagiging tamad rito, at pag-antala sa oras nito.

Ang paghamak sa mga tao at pagmamaliit sa kanilang mga karapatan, at paglabag sa kanila at pagpinsala sa kanila.

Pagkain ng ipinagbabawal na pera; Gaya ng ninakaw na pera at panlulukong pera at patubo at iba pa.

Ikalima: Maging maawain sa lahat ng tao, isipin mo lagi na sila ay dapat mong ililigtas mula sa landas ng Impiyerno tungo sa landas ng Paraiso. At maging tagapayo sa lahat ng nangangailangan ng payo, na dinaramdam ang salita ng iyong Propeta Muhammad (s.a.w): "Ang sinumang nag-anyaya tungo sa patnubay, meron siyang gantimpala katulad ng mga gantimpala ng sinumang sumunod sa kanya habang hindi

nababawasan rito ang kanilang mga gantimpala.”. Isusulat ng Allah para sa iyo ang kapareho ng gantimpala ng mga naging Muslim dahil sa iyo, at katulad rin ng gantimpala ng bawat taong naging Muslim dahil sa kanila hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay, kaya magkakaroon ka ng tuluy-tuloy na gawain pagkatapos ng iyong kamatayan tulad ng tuloy-tuloy na kawanggawa.

## *Ikalabing walong Araw na Programa*

### Buong Pagsusuri sa Pag-aaral ng lahat na mga Bagong Muslim

| Oras | Paksa | Nilalaman |
|---|---|---|
| 20 Minuto | Qur'an | Fatihah at Ikhlas at Falaw at Nass at As'r at Khaw-tar at Nas'r |
| 20 Minuto | Aqedah | Mga Antas ng Relihiyon, at mga haligi ng Islam, at Mga Haligi ng Paniniwala |
| 20 Minuto | Fiqh | Taharah at Salah |
| 20 Minuto | Hadith | at mga Hadith ng Dhikir |

**Paalaala**

Kailangang ulitin ang pag-aaral sa araw sa tatlong mag-kakahiwalay na mga panahon, na isinasaalang-alang ang mga oras ng lahat ng mga bagong Muslim, dahil ang ilan sa kanila ay angkop sa umaga, ang ilan sa hapon, at ang ilan sa gabi, at upang makayanan ng sinumang may gustong umulit na dumalo para mas maintindihan lalo.

## *Ang Ikalabinsiyam na Araw ay Isang Pagsubok para sa lahat ng mga Bagong Muslim*

| Kinakailangan | Paksa | Oras |
|---|---|---|
| 1- Ano ang Islam?<br>2- Sino ang Propeta na ipinadala ng Allah na may mensahe ng Islam?<br>3- Ano ang mga gawain na ipinag-utos ng Islam?<br>4- Ano ang mga gawain na ipinagbabawal ng Islam?<br>5- Ano ang Banal na Quran? At ano ang gantimpala sa pagbabasa nito?<br>6- Bigkasin ang mga Surah: (Al-Fatiha, Al-Ikhlas, Al-Falaq, Al-Nass, Al-Asr, Al-Kawthar, at Al-Nasr)<br>7- Tumayo ka, at saka maghugas at magdasal.<br>(Iwasto ang mga pagkakamali, kung mayroon man.)<br>8- Ilang Rak'ah sa bawat pagdarasal?<br>9- Sino ang iyong Panginoon? At ano ang iyong relihiyon? At sino ang iyong propeta?<br>10- Ano ang mga haligi ng Islam?<br>11- Ano ang Hadith?<br>12- Ano ang mga Dhikir sa umaga at gabi? | Pagsusuri sa bagong Muslim at Pagsusulit sa bibig para sa lahat ng mga mag-aaral | Isang oras at kalahati |

## Ang Ikadalawampung Araw at ang Panghuli

**Isang oras at kalahati**

upang suriin ang dagdag na Kaalaman na lumitaw sa ika-19 na Araw (Pagsusuri), na babalikan muling aralin ang buong kurso.

Sa Paghuli ay itatala ng guro ang mga pangalan ng mga Bagong Muslim na magagaling ang kanilang mga Impormasyon, at ang kanilang mga numero ng telepono upang makipag-ugnayan sa kanila at maitala sila sa paparating na mga seminar.

**Paalaala**

Kailangang ulitin ang pag-aaral sa araw sa tatlong magkakahiwalay na mga panahon, na isinasaalang-alang ang mga oras ng lahat ng mga bagong Muslim, dahil ang ilan sa kanila ay angkop sa umaga, ang ilan sa hapon, at ang ilan sa gabi, at upang makayanan ng sinumang may gustong umulit na dumalo para mas maintindihan lalo.

## *Mga madalas itanong mula sa mga Muslim at di-Muslim, at ang sagot sa kanila*

### Sino si Allah ?

Ang Allah na Makapangyarihan sa lahat ay ang Dakilang Tagapaglikha na lumikha sa buong sansinukob, at Siya lamang ang karapat-dapat na sambahin nang walang kasama, at Siya ang Pinakamahabagin, Pinakamaawain, Maamo, at Mapagbigay.

Maawain sa Kanyang mga alipin, at napakabait sa kanila, at nagbibiyaya sa kanila, at tumutugon sa kanilang mga panalangin, at nagagalit sa mga tumatakwil sa Kanya at sumusuway sa Kanya at hindi tumutugon sa Kanyang mga utos at pagbabawal.

At tunay nilikha ng Allah ang lahat ng nilalang upang sasambahin Siya at isahin lamang Siya, kung paanong Siya lamang ang Tagapaglikha na nag-iisa, Siya ang Panginoon at Diyos lamang, kaya kaluwalhatian sa Kanya.

### Ano ang kahulungan ng Islam at kailan ito nagsimula?

Ang Islam ay pagpapasakop at pagsuko sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

Ito ay isang pagsasaksi na walang diyos maliban sa Allah at si Muhammad ay Kanyang alipin at mensahero, at pagtayo ng Salah, at pagbibigay ng Zakat, pag-aayuno sa Ramadan, at pagsasagawa ng Hajj sa Bahay para sa sinumang may kakayahang gawin ito.

Ang Muslim ay sinumang ligtas ang mga muslim sa kanyang dila at kamay, kaya hindi niya sinasaktan ang sinuman na walang katarungan.

Nagsimula ang Islam sa pagpapadala ng Allah ng Kanyang Propeta na si Muhammad (s.a.w) para sa buong sangkatauhan sa kanyang kapanahunan. Ipinadala siya ng Makapangyarihang Allah mahigit 1400

taon na ang nakalilipas.

Ang Islam ay patuloy na lumalaganap at lumalago mula noon hanggang ngayon, at ang mga Muslim ngayon ay higit sa isa at kalahating bilyong Muslim, kaya papuri kay Allah.

### Ano ang mga himala ng Propeta Muhammad (s.a.w)?

Sa Propeta (s.a.w) ay mayroong maraming mga himala, na matatagpuan sa mga aklat na nagkukuwento tungkol sa kanya at sa mga kaganapan sa kanayang kapanahunan, ngunit ang pinakadakilang himala ng Propeta (s.a.w), ito ang dakilang Qur'an na nasa ating mga kamay, ang salita ng Diyos, dahil ito ay walang hanggang himala hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

Samakatuwid, hinamon ng Banal na Qur'an ang sinuman na magdala ng isang katulad nito o tulad ng isang Surah mula rito.

Sinabi ng Allah: {At kapag kayo ay nagdududa sa ipinadala Namin sa Aming alipin, gumawa kayo ng isang kabanata na kasingtulad nito, at magtawag kayo ng inyong mga saksi maliban sa Allah, kung kayo ay mga makatotohanan.} [2:23]

Sinabi ng Allah: {Sabihin mo kung magtitipon ang mga tao at engkanto para gumawa ng kasing-tulad ng Qur'an na ito, ay hindi nila magawa ang katulad nito kahit pa sila'y magtulungan sa isa't isa} [17:88]

Mula nang ipahayag ang Banal na Qur'an hanggang sa ngayon, walang sinuman ang nakagawa ng katulad ng Qur'an, o ng isang Surah mula dito. At ito ay nagpapahiwatig na ito ay hindi mula sa tao, at ito ay isang dakilang himala magpakailanman.

Naglalaman din ito ng mga agham, balita, kuwento, sermon, at mga talata na nagsasaad ng kadakilaan ng Allah at kababalaghan, at ito ay talaga mula sa Diyos, kaya kaluwalhatian sa Kanya.

### Saan galing ang Qur'an?

Ang Banal na Qur'an ay nagmula sa Allah na Makapangyarihan,

at ito ang Kanyang malinaw na mga salita. Ipinahayag ito ng Allah na Makapangyarihan sa Kanyang Propeta Muhammad (s.a.w) bilang babala sa lahat ng nilikha at pantawag sa relihiyong Islam.

### Lumaganap ba ang Islam gamit ang mga sandata at digmaan?

Ang Islam ay hindi lumaganap gamit ang mga sandata at digmaan, bagkus sa habag at hustisya sa pagitan ng mga tao. Ang Islam ay relihiyon ng Awa at relihiyong makatarungan at relihiyong likas sa tao, kaya ito ay tinatanggap ng mga tao madalas sapagkat ito ay tumutugma sa kanilang dalisay na katalagahan.

Ang kasaysayan ay nagpapatotoo na ang Islam ay lumaganap sa mga tao ayon sa kanilang kalooban, at tinatanggap pa rin ng mga tao ang Islam hanggang ngayon sa kabila ng kahinaan ng mga Muslim. Ang Islam ngayon ay ang pinakasikat na relihiyon na tinatanggap ng mga tao.

### Naniniwala ba ang mga Muslim na si Hesus, sumakanya nawa ang kapayapaan, ay isang diyos?

Naniniwala ang mga Muslim na si Hesus, sumakanya nawa ang kapayapaan, ay isang propeta, at alipin, at sugo ng Diyos, at ang kanyang ina na si Maria, sumakanya nawa ang kapayapaan, ay dalisay at tapat. Sila ay mga tao lang mula sa mga alipin ng Allah na Makapangyarihan sa lahat.

### Ano ang relihiyon ng lahat ng mga Propeta?

Ang relihiyon ng lahat ng mga propeta ay ang kaisahan ng Allah na Makapangyarihan, kahit na magkaiba ang mga pangalan ng kanilang mga relihiyon, ngunit lahat sila ay tumatawag sa pagsamba sa Diyos na nag-iisa na walang katambal.

At kaisahan ng Allah ay ang Islam at pagpapasakop sa utos ng Allah, at saka walang sasambahin bukod kay Allah, at walang pinapanalanginan maliban sa Allah. At Siya ang Tagapaglikha na nag-iisa, at Tagapagbiyaya, at Bumubuhay at Pumapatay.

Ito ang relihiyon ng lahat ng mga propeta, sumakanila nawa ang mga pagpapala at kapayapaan.

At ang mga Muslim ay naniniwala sa lahat ng mga propeta ng Allah.

### Pinahihintulutan ba magdasal sa ibang wika maliban sa Arabik?

Hindi pinahihintulutan at hindi tama ang pagbabasa ng Qur'an maliban sa wikang Arabo, dahil ang nagbabasa sa hindi wikang Arabo ay hindi tinatawag na Qur'an, bagkus ito ay isang paliwanag ng Qur'an. Ngunit ang mga walang kakayahang magbigkas ng Arabik ay magsabi at ulitin ang mga ito:

Subhanallah, Alhamdulillah, Laa ilaha illallah, at Allahu Akbar. Maaaring ulitin ang isa sa kanila.

□ Kaya walang pagkakasala para sa kanya na sabihin ito sa kanyang sariling wika hanggang sa matuto sa wikang Arabo, at iba pang mga haligi ng Salah tulad sa posisyon ng pagyuko, pagpapatirapa, pag-upo para sa tashahhud, at iba pa. Sabihin niya ito sa mga salitang Arabik, at kung hindi niya masabi ang mga ito ay sa kanyang wika hanggang sa matuto.

### Pinahihintulutan bang makipagtulungan sa isang di-Muslim?

Oo, pinahihintulutan ang pakikipagtulungan sa mga hindi Muslim sa bagay na kapaki-pakinabang at mabuti. Sinabi ng Allah: {At magtulungan kayo sa kabutihan at pagkatakot, at huwag kayong magtulungan sa kasalanan at pagsuway.} [5:2]

Sinabi ng Allah: {Hindi kayo ipinagbawalan ng Allah sa mga yaong hindi nakikipagdigma laban sa inyo sa relihiyon, at hindi kayo itinataboy sa inyong mga tirahan na maging mabait sa kanila at maging makatarungan. Sa kutunayan, minamahal ng Allah ang mga makatarungan.} [60:8]

At ang kahulugan ng talata: Tunay hindi binabawalan ng Allah sa Kanyang mga aliping Muslim na gandahan ang pakikitungo, at mag-

ing makatarungan, at makipagtulungan sa mga di-Muslim sa kung ano ang mabuti at kapaki-pakinabang para sa lahat. Ngunit kung mayroong pang-aapi at paglabag ay hindi pinahihintulutan.

### Bakit ipinagbabawal ng Islam ang baboy?

Ang Islam ay relihiyon ng Allah, ang Dakilang Tagapaglikha. Siya ay nag-uutos at nagbabawal ayon sa Kanyang ninanais. pumapahintulot at bumabawal ayon sa Kanyang ninanais. At tayo ay Kanyang mga alipin na nakikinig at sumusuko sa Kanyang utos at pagbabawal.

Ipinagbawal ng Allah ang baboy sa Kanyang mga aliping Muslim at iba pang uri ng pagkain, at pinahintulutan para sa kanila ang karamihang uri at iba pa.

At napatunayan ng modernong agham na ang baboy ay nakakapinsala sa mga tao.

Gayunpaman, kahit hindi ito napatunayan, sapat na ang pagbabawal ng Allah, dahil Siya ang Maalam kung ano ang makakabuti sa tao, at kung ano ang kapaki-pakinabang sa kanya, at kung ano ang nakakapinsala sa kanya. Ang Diyos ang lumikha sa tao at alam Niya ang makakabuti sa kanya.

### Nasaan ang Paraiso at Impiyerno?

Ang Paraiso ay gantimpala ng Allah para sa Kanyang mga aliping Muslim, at ang Impiyerno ay kabayaran ng Allah para sa Kanyang mga sutil na alipin na hindi naniniwala sa Kanya at sa mensahe ng Kanyang mga propeta.

Ang Paraiso at Impiyerno ay dalawa sa mga nilikha ng Allah.

Ang Paraiso ay nasa langit, at ito ay napakalaki, at tanging Diyos lang ang nakakaalam kung gaano ito kalaki at kalawak.

At kung tungkol sa Impiyerno, ito ay nasa malawak na nilikha, at hindi matukoy ang lugar nito, ngunit paniniwalaan natin ang pagkakaroon nito dahil sinabi iyon ng Allah.

Ang sansinukob na ito ay napakalaki, at hindi alam ng mga tao, sa kabila ng pag-unlad ng kanyang kaalaman maliban sa isang maliit na punto nito.

### Pinahihintulutan bang manalangin sa mga bituin at humiling ng ulan mula sa mga ito?

Hindi pinahihintulutan ang panalangin sa mga bituin o sa anumang bagay. At hindi pinapayagan ang paghingi ng ulan sa mga bituin o sa anumang bagay.

Ang Allah ay nag-iisa lamang ang yaong nagpapadala ng ulan, at Siya lamang ang Tagapagbiyaya.

At ang mga bituin ay mga nilalang ng Allah na Makapangyarihan sa lahat, wala silang pakinabang o pinsala. At ang Allah ay nag-iisa lamang na yaong nasa Kanyang kamay ay kabutihan at panustos.

Samakatuwid, ang pagsusumamo sa mga bituin at paghingi sa kanila ay itinuturing na pagtatambal sa Diyos, at ito ay hindi pinahihintulutan. At ipinagbabawal ng Islam ang paghingi ng ulan sa mga bituin o iba pang mga bagay.

### Bakit kailangang maghugas bago magdasal?

Ang pagwuwudu ay isang gawaing pagsamba na inuutos ng Islam kapag itayo ang Pagdarasal.

Kung paano ang Salah naging isang gawaing pagsamba na may karunungan, gayundin ang pagwuwudu na isang pagsamba na may karunungan.

Ang Wudu at paghuhugas ng mga bahagi na tinutukoy dito ay isang pansariling paghahanda para sa panalangin, at pakikiharap para dito na may kadalisayan at kalinisan ng mga panlabas na parte ng katawan, upang hanapin ang kalinisan at kadalisayan ng kanyang puso at kaluluwa.

### Pinapayagan ba ng Islam ang pag-aasawa ng higit sa isa?

Pinahihintulutan ng Islam ang pag-aasawa hanggang apat na babae, upang mapangalagaan ang dangal ng pamilya, at upang hindi maghanap ang lalaki ng bawal.

Tulad na ang mga babae ay talagang likas na higit pa kaysa sa mga lalaki sa buong kasaysayan, kaya pinangangalagaan ng Islam ang isyung ito.

At pinahintulutan ng Islam ang pag-aasawa ng higit sa kondisyong meron siyang kayayahang maging patas sa mga kababaihan. Kung hindi niya kaya ay ipinagbabawal ng Islam sa kanya ang pagpaparami ng asawa.

### Dapat bang tanggalin ang sapatos kapag tumatayo para sa pagdarasal?

Dapat tanggalin ang sapatos kung narumihan ng Najasah. At kung ito ay malinis ay hindi kailangang tanggalin. At saka pinahihintulutan siya magdasal kasama nito kung ito ay malinis.

Ngunit kung ang Salah ay sa loob ng masjid kung saan merong karpet, kung gayon mas mainam na tanggalin ang mga sapatos sa anumang kalagayan.

### Bakit ipinagbawal ng Islam ang pag-inom ng alak?

Ang relihiyong Islam ay dumating upang pangalagaan ang mga interes ng tao, at ang pahalagahan ang interes na inuutos ng Islam na ingatan tulad ng isip, buhay, karangalan at pera.

Itinatag ang batas ng Islam upang makamit ang mga benepisyo at paramihin ang mga ito, at upang itakwil ang mga pinsala at bawasan ang mga ito. Kaya kung ito ay kapaki-pakinabang o makakatulong ay Halal, at kung ito ay makakapinsala o mas marami ang pinsala ay Haram. At ang alak ay nasa pangalawang kategorya nang walang pagtatalo.

Inaalis ng alak ang isip ng isang tao, at maaari siyang gumawa ng maraming krimen habang siya ay lasing, at ito ay labag sa pampubliko

at pribadong interes na dapat pangalagaan.

Kasama ng alkohol ang napakaraming pinsala, na sinabi ng ating Propeta, sumakanya nawa ang kapayapaan: “Ang alak ay ang ina ng mga kasamaan.”

At ito ay totoong nasaksihan, kaya ang sinumang umiinom ng alak ay nasisiraan ng bait at makagawa ng mga krimen na karumal-dumal, at maaaring maging sanhi ng malalaking aksidente, tulad ng mga aksidenteng trapiko, pagnanakaw, at iba pa.

### Bakit ipinagbawal ng Islam ang pagpapatubo sa mga pera?

Ang Islam ay nag-utos na ingatan ang pera, paunlarin ito, at pagsisikapang kolektahin ito sa mga lehitimong paraan na hindi nakakapinsala sa sinuman, kaya pinahintulutan nito ang pagbili at pagbebenta, at pinahintulutan ang kalakalan at paghiram. Ang mga ito at iba pa ay mga lehitimong pintuan sa pagkuha ng pera, dahil sa pera tumatayo ang buhay ng tao at pinapatayo ang mundo.

Ngunit ang Islam ay ganap na ipinagbabawal ang Patubo (Riba), at ang dahilan nito ay nakakapinsala sa mga tao, at naninira sa lipunan, at nagpapalaganap ng poot at galit.

Ang pagnenegosyo ng may patubo ay nakakapinsala sa mga may limitadong kita, at ginagawang mahina ang kanilang pagkakataon sa pagnenegosyo, at bilang kapalit ay nagdudulot ito ng malaking kita para lamang sa mga may malaking pondo na walang kapaguran, pangangalakal o pagbebenta.

Katotohanan, sa pagbabawal ng Islam sa pagpapatubo ay pag-iiwas sa pang-aapi. Gaya sa pagpapatubo na kumukuha ng pera sa iba na walang kapalit, at pagkain ng pera ng ibang tao sa kasamaan. Gaya ng pagkuha ng patubo na kinukuha sa pera na walang kapaguran o pagsisikap, ngunit ang kapalit ay pagod ng iba, na hindi lumalantad ang kanyang pera sa kita, o sa pagkalugi.

Gayundin, ang Islam ay nagbabawal sa pagpapatubo, ito ay huma-

hadlang sa pagtatrabaho, at paghahanap, at pagkuha ng mga pinahihintulutang pakinabang, tulad ng kalakalan, agrikultura, industriya, at iba pang mga pondo. Ang bagay na ito ay makakamit ang layunin para itatayo sa lupa, na kung saan hindi dadalhin sa pagpapatubo.

Ang Islam ay humihimok ng katuwiran, at kabutihan at kagandahang loob sa mga tao. At ang patubo ay humahantong sa pagkaputol ng pakikiramay, at kawalan ng pagtutulungan o aliw sa pagitan nila.

Para sa lahat ng ito at iba pa ay ipinagbawal ng Islam ang pagpapatubo at pinigilan, upang mapangalagaan ang buhay ng mga tao at ang kanilang kayamanan.

### Bakit ipinagbawal ng Islam ang pangangalunya at pakikipagtalik sa labas ng kasal?

Ang Islam ay ipinagbawal ang pangangalunya at pakikipagtalik sa labas ng kasal, dahil sa karunungan at mga pakinabang na umaakibat para sa tao, kabilang dito ang:

1 Ang pagsang-ayon sa pagbabawal na ito ay sa kalikasan na nilikha ng Allah sa mga tao, mula sa paninibugho sa dangal, kaya sinumang lalaking tinatanggap na gawin ang kanyang asawa, anak na babae, ina, o kapatid na babae na isang kasiyahan ng mga tao at isang libreng kalakal, ay tanggap para sa kanyang sarili na ibaba sa hanay ng ilang mga hayop.

2 Ang pagbabawal sa paghahalo ng mga angkan, kaya't sinuman ang nagpapahintulot ng pangangalunya ay pinahihintulutan na isama ang hindi sa kanyang mga supling sa kanyang pamilya at sa kanyang kamag-anak.

3 Ang pag-iingat sa pamilya at buhay pampamilya, dahil ang pangangalunya ay nakakasira at sumisira ng mga tahanan, kaya kung ang asawang lalaki ay kukuha ng isang kasintahan, o ang asawang babae ay kukuha rin ng kasintahan, walang alinlangan masisira ang pamilya at maghihiwalay.

4 Proteksyon mula sa mga sakit, isang parusa ng Diyos dahil sa pagpapalaganap ng ganitong kahalayan, at hindi malilihim na ang ibang bansa ay dumaranas ng malulubhang sakit, gaya ng syphilis, gonorrhea, at AIDS, na lumilipol sa milyun-milyong tao, at milyun-milyon din ang nahahawahan nito. Noong 2006 AD, ang bilang ng mga taong nahawaan nito ay umabot sa 45 milyon, kung saan 20 milyon ay namatay dahil dito, at humigit-kumulang 301 milyon bilang resulta ng mga sanhi ng sakit na ito.

Ang AIDS ang nangungunang sanhi ng kamatayan sa Africa at ang ikaapat na nangungunang sanhi ng kamatayan sa buong mundo.

Sinong matinong tao ang tatanggap sa pagkalat ng mga sakit na ito sa mga lipunan?

Sinabi ng Mensahero ng Allah (s.a.w): "Hindi lalabas ang kalaswaan sa isang mamamayan hanggang ilalantad nila ito, maliban na lalakat sa kanila ang salot at mga karamdaman na hindi nagdaan sa kanilang mga ninuno dati." At nangyari na nga ang binalita ng Mensahero (s.a.w)

5 Pangangalaga sa dignidad ng kababaihan; Ang pagpapahintulot sa pangangalunya ay nangangahulugan ng pagnanakaw sa kababaihan ng kanilang mga dignidad at gagawin silang mga nakakahiyang kalakal. At ang Islam ay dumating upang parangalan ang mga tao, lalo na ang mga kababaihan, matapos silang gawing kahihiyan at hamakin.

6 Ang pagpigil sa paglaganap ng mga krimen, sapagkat ang pangangalunya ay isa sa mga dahilan ng paglaganap at pagdami ng mga patayan. Maaaring patayin ng asawang lalaki ang kanyang asawa at ang kanyang kasintahan, at maaaring patayin ng nangangalunya ang asawa ng kanyang kasintahan, o ang nakikipagtalo sa kanya. At maaaring patayin ng babae ang nangalunya sa kanya, kung siya ay hinalay, halimbawa.

Para sa lahat ng ito at iba pang mga hatol, ay ipinagbawal ng Islam

ang pangangalunya at ginagawa itong bawal, at pinapayagan sa mga tao na pagpapakasal sa loo ng pamilya at kamag-anak.

Bakit binawal sa Islam ang salamangka?

Ang mahika sa pananaw ng batas ng Islam ay masama lahat, kaya naman ipinagbawal ito ng Islam nang lubusan, dahil ang pangunahing layunin ng mahika ay magdulot ng kasamaan sa mga tao, at magdulot ng pinsala, at karamihan sa mga galaw ng mga salamangkero ay hindi pumasok maliban sa larangan ng kasamaan at pang-aabuso sa mga tao.

Ito ay makatwiran at katanggap-tanggap na ang pagbabawal ng Islam sa mahika ay paraan upang malutas ang masamang dala nito, at maalis sa bansa at sa mga tao ang mga masasamang kilos na iyon, bagkus maalis sila sa mga ilusyon at mga pamahiin na nauugnay dito, sa pamamagitan ng pag-alis sa mga grupo na may ugnayan sa mahika at mga mangkukulam. At ito ay merong malaking pakinabang na hindi maitago.

Tunay, ipinagbawal ng Islam ang pagsasagawa ng mahika, at ipinagbawal ang pagpunta sa mga salamangkero at paghingi ng tulong sa kanila, tulad ng pagbabawal sa pag-aaral at pagtuturo ng mahika.

Katotohanan, ang salamangka ay kabaliktaran ng mga katotohanan, at pagpapalaganap ng kapootan, at katiwalian, at kawalan ng tiwala sa lipunan, at pagsasamantala sa kahinaan at kamangmangan ng mga tao. Kaya ipinagbawal ito ng Islam at ipinagbawal ito upang mapangalagaan ang mga tao sa kanilang dignidad at katayuan.

Tinatanggap ba ng Islam ang pagpapakita ng paganismo sa ilang mga gawain ng pagsamba?

Ang Islam ay isang relihiyon na dalisay sa kaisahan ni Allah lamang, kaya kaluwalhatian sa Kanya, at hindi ito tumatanggap ng anumang paganismo sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

At ang pagtatambal (Shirk) ay: ang pagkakaroon ng katambal kay Allah sa pagka-Diyos, o sa pagsamba, o sa mga pangalan at katangian.

Isa sa mga pagtatambal sa Allah ay pagturing sa iba maliban kay Allah na nakatanging karapatan lamang sa Allah sa Kanyang pagkapanginoon, at pagka-Diyos, at mga pangalan, at mga katangian. Tulad ng: Shirk ng mga tagasamba ng mga diyus-diyusan at mga rebulto, at mga tagasamba ng mga libingan at mga patay at ng mga hindi nakikita.

Halimbawa: Ang paniniwala na mayroong isang taong lumilikha, o nagbibigay buhay, o nagdudulot ng kamatayan, o namamahala , o nagpapakilos sa sansinukob na ito kasama ni Allah na Makapangyarihan sa lahat.

O halimbawa: Paniniwalang mayroong pang ibang sinusunod kasama ni Allah, kaya sinusunod nila ito sa pagpapahintulot sa anumang nais niya at sa pagbabawal sa anumang naisin niya, kahit pa ito ay salungat sa relihiyon ng mga Mensahero.

O tulad ng: Pagtatambal sa Allah sa pagmamahal at pagdakila tulad sa minamahal sa nilikha tulad sa pagmamahal kay Allah, o paniniwala na meron pang nakakaalam sa lingid kasama ni Allah.

At ito ay isa sa paganismo na hindi patatawarin ng Makapangyarihang Allah sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sinabi ng Allah: {Katotohanan, ang Allah ay hindi nagpapatawad sa sinumang tumatambal sa Kanya, at pinapatawad ang anuman bukod rito para sa sinumang Kanyang ninanais. At ang sinumang nagtatambal kay Allah ay talagang nakagawa ng isang napakatinding kasalanan.} [4 :48]

Tunay ang pagsamba at ganap na pagpapababa, at pagmamahal sa mga tao ay dapat lamang para kay Allah, kaya kaluwalhatian sa Kanya, at walang sinuman ang dapat magkaroon ng bahagi nito.

Ito ang pinakadakilang katangian sa relihiyong Islam, dahil walang magbibigay ng pakinabang, walang makakapinsala, walang magbigay ng kaginhawahan, at walang nararapat na sambahin maliban sa Allah, kaya kaluwalhatian sa Kanya.

At walang sinuman sa mga nilalang ang maaaring makinabang o

makapinsala maliban sa kapahintulutan ng Allah na Makapangyarihan, at dahil doon ay inutusan ng Diyos ang Kanyang marangal na Propeta na sinabi sa Qur'an: {Sabihin mo: "Hindi ko hinahawakan sa aking sarili ang kapakinabangan at ang kapinsalaan, maliban sa anumang naisin ng Allah. At kung nalalaman ko ang lingid, tiyak pararamihin ko ang makakabuti, at hindi ako masalingan ng masama. Hindi ako kundi isang tagapagbabala, at tagapagbalita ng maganda para sa mga taong naniniwala."} [7 :188]

At sinumang tumatambal ng anuman sa Allah ay tanging pinapagod lang ang kanyang sarili, at hindi iyon makakakinabang sa kanya ng anuman, dahil ang buong sansinukob at kung ano ang nasa loob nito, ay pag-aari ng Allah, at nasa ilalim ng Kanyang kapangyarihan at sakop.

## Pangwakas

Ito ay isang maikling kurikulum na kinabibilangan ng mga kinakailangang batas ng relihiyong Islam upang maituro sa bagong Muslim ang pinakamahalagang bagay na dapat niyang malaman tungkol sa mga tuntunin ng kanyang relihiyong Islam. Samakatuwid, iniwan namin ang haba sa mga paksang dapat banggitin, kahit na kailangang malaman ng bagong Muslim ang mga ito, tulad ng:

1/ Paano haharapin ang pamilya at ang nakapalibot na pamayanan pagkatapos ng pagpasok sa Islam.

2/ Ano ang pinahihintulutan at ipinagbabawal sa pagbebenta, kasal, pagkain, inumin, atbp.

3/ Pagsagot sa iba't ibang isyu na hinahanap ng bagong Muslim bago ang pagpasok sa Islam.

4/ Pag-alam sa mga palatandaan ng Oras, at mga kakila-kilabot sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ang katangian ng Paraiso, at ang katangian ng Impiyerno.

Batay dito, ang sinumang nagtuturo ng kurikulum na ito sa mga bagong Muslim ay dapat na:

Itayo ito ng apat o limang mgapagtuturo o seminar sa panahon ng pag-aaral ng mga mag-aaral para sa kurikulum na ito, kasama ang mga paksang ito.

Maglaan ng sapat na oras para sagutin ang mga tanong ng bagong Muslim at alisin ang lahat ng pagdududa, kung magagawa ba ito ng guro, o humingi ng tulong sa ilang kasalukuyang estudyante na maaaring makipagtulungan sa kanila.